# *TAON NG JUBILEO*

Magandang gabi, mga kaibigan. Natutuwa ako na ako'y nakaparito ngayong gabi at—at nabigyan ng pribilehiyo na ang lahat ay mainam na maanyayahan, ang lahat nga'y nagnanais na—na makaparito. Pinagagalak po nito ang damdamin ko.

2 Ako—ako nga'y walang pagkakataon na makapangusap, o makapangaral, o anuman, dahil lahat ng mga gawain ko po'y pawang pagpapagaling lahat. Haya't, gustung-gusto ko pong magsalita. Alam 'yan ng lahat. Sa palagay ko ako'y . . . Ang sabi pa nga ng nanay ako raw ay nagsalita muna bago ko natutunan makapaglakad. Alam n'yo po 'yung lumang kasabihan tungkol dito. Kaya heto po ako na sobrang nagagalak na malaman na binago ng Diyos ang puso ko, na ang pagsasalita ko'y tungkol sa Kanya. Kita n'yo? At nais ko nga na maging sa pagyaon ko na ay Siya pa rin ang ipinapangusap ko, na akin ngang inaawit ang Kanyang mga papuri at ginagawa ang bagay na iniisip ko na tama.

3 Wala po tayong masyadong oras ngayon, dahil may gawain pa tayo para sa pagkokomunyon sa gabing ito. Miyerkules ng gabi ang gawain sa pagtuturo, kung saan magtuturo tayo, kung loobin ng Panginoon.

4 Ngayon, sa gabing ito, sa kaunting sandali lang, mga ilang minuto lang, loobin ng Panginoon, gusto ko sanang . . . Medyo di po ito inaasahan, alam n'yo, dahil sa tuwina . . . Naniniwala po ako sa sinasabi ng Biblia na, "Magsikap ka sa kapanahunan at sa di-kapanahunan. Kusang-loob na magbigay, o, maging handa sa pagtugon para sa pag-asang nasa inyo." At kaya kung mabibigyan ako ng pagkakataon na ipatotoo itong pag-asa na nakalagak sa akin, buweno, magiging pagpapala nga ito na ito nga'y masabi ko sa inyo, at umaasa ako na magiging pagpapala ito sa inyo na tumatanggap nito, at yamang may pagkabatid na sa pamamagitan ng pananampalataya n'yo ay tumutugma ito sa siya ring bagay na 'yun. At ang siya ring pag-asa na narito sa akin, ay nakalagak din sa inyo, at tayo'y kapwa mamamayan sa Kaharian ng Diyos.

5 Nagagalak nga ako na mabalitaan itong mga rebaybal na ito ngayon, dito sa iglesya ng Methodist sa New Albany. At di ko agad nabalitaan 'yung isa na 'yun sa Louisville, pero siguro po'y nabalitaan n'yo, itong binanggit sa atin na ito ni Kapatid na Fleeman. Kayo po na mga malapit lang sa mga rebaybal na ito, haya't dumalo po kayo roon. Magpunta kayo at itulot n'yo na ang mga sarili n'yo ay mapagkilala sa mga anak ng Diyos, para ipakita kung saang panig ba tayo nabibilang. Tayo nga'y

nasa panig ng Diyos, at hinahangad nga natin na mapagkilala sa tuwina sa Kanyang bayan.

6 Ngayon, sa Miyerkules ng gabi, gaya ng sinabi ni Kapatid na Neville, ito nga'y gawain ng pagtuturo. Sa palagay ko para yatang may isinasagawa silang parang klase sa pagtuturo, di po ba't may ganoon, Kapatid na Neville? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Oo."—Pat.] Napakainam po n'yan.

7 Ang pagtuturo nga ng Salita'y patuloy na nagpapatibay sa Iglesya. Nabubuhay tayo . . . "Di lang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salita na lumalabas sa bibig ng Diyos." At kanina pong umaga'y pinag-uusapan natin 'yung tungkol sa kung papaanong ang Salita na ito'y sadyang di nabibigo, na kung papaanong Ito ay kailangang matupad.

8 At pagkatapos nung kanilang pag-awit, sa loob-loob ko, "Buweno, ano kayang ipangungusap ko?" At tamang-tama nga na naisip ko, "Sabi Nito, 'Tataglayin ng lahat ng mga banal ang isang Tatak sa kanilang noo.'" Kita n'yo? Sa pagsapit natin sa dako roon, lahat ng mga banal ay magtataglay ng Tatak na ito sa kanilang noo.

9 At naisip ko, ngayong gabi, magbabasa nga ako ng isang maliit na bahagi ng Kasulatan na ito mula sa Biblia, sa isang bahagi rito, at, doon po sa mga Ebanghelyo. At si Jesus, nung tatapusin na Niya ang pananalita, ang sabi Niya, "Sa araw na ito, heto, ang mga salitang ito ay *natupad*."

10 Ngayon, si Cristo, sa Kanyang pagsisimula, ng pagsisimula ng Kanyang pagmi-ministeryo; ay ipinanganak, siyempre pa, sa mundo, na Anak ng Diyos. Ipinanganak Siya, si Jesus na Panginoon, at pagkatapos na dumaan ang walong araw, nung Siya ay tuliin, binigyan Siya, ngayon, Siya po'y ipinanganak, na Cristo na Panginoon po, pala, at binigyan ng Pangalan na Jesus. *Jesus* ang "ibinigay na Pangalan sa Kanya." *Cristo* ang "titulo Niya" kung ano nga ba Siya. Siya ang Cristo, ang Pinahiran ng Diyos, noong Siya ay ipinanganak.

11 At ngayon, heto na alam ko na kadalasang may kahabaan nang kaunti ang gawain para sa pagkokomunyon, at hetong ayoko pong mangusap dito nang matagal, pero sapat lamang po para sa ikaiinam, na maramdaman natin ang Espiritu ng Diyos na maparito sa kalagitnaan natin, sa pagdaraos natin ng mga—mga gawain na ito.

12 Ngayon huwag n'yo pong kalimutan ang lahat ng iba pang mga gawain na inanunsyo rito, 'yung mga rebaybal sa iba't iba pong dako, sa mga may sakit at nangangailangan. Nabanggit niya sa akin 'yung tungkol sa, bumisita siya sa isang tahanan kanina lang, kung saan may batang lalaki dun, na inaalihan ng demonyo, at nagnanais silang mapalaya ang bata. Ngayon, ang sabi sa atin ng Biblia'y tayo nga'y—tayo nga'y magtipong sama-sama at manalangin para sa mga taong ito.

13 Alam n'yo nga ito, na noon, may—may munting binibini na nagngangalang Georgie Carter na siya'y napagaling, dahil sa pangitain, oh, maraming taon na rin ang nakararaan. At siya nga'y napalaya mula sa pagkakaratay na 'yun sa sakit na TB; siya'y naratay roon nang walong taon at siyam na buwan, ni minsan ay di noon bumangon sa higaan. At ako'y. . .nagpunta roon para ipanalangin siya. At ako'y. . .Nasubaybayan n'yo po 'yung kuwento, kung papaanong 'yung tatay at nanay niya'y di naniniwala sa Makalangit na pagpapagaling, at heto't di nga ako ganoong kalugod na tinatanggap doon. At 'yung dalagita nama'y nagnanais na mapagaling.

14 Pagkatapos isang araw, doon kina Kapatid na Wright, ako nga'y naparoon na may isinagawa ako na—na gawain para sa pagbabautismo, at 'yung dalagita'y gustung-gusto niya talaga na mabautismuhan. At di naman siya makabangon sa higaan, siyanga. Ni minsan ay di nga siya nakabangon dun nang walo o siyam na taon.

15 At nananalangin ako noon dun sa sukal, o sa kakahuyan. At pinatunog na ni Kapatid na babaing Wright ang batiting para magpunta na kami't maghapunan. At talagang puspusan ang pananalangin ko nang *lubos*, at ang Presensya ng ating Panginoong Jesus ay sadya ngang napakalapit doon, na di ko napansin 'yung pagtunog ng batiting. At nagsisimula na noong dumilim. At may nakita akong Liwanag na nagliliwanag doon sa hala-halaman ng korneho, at ang sabi, "Magpunta ka dun sa dako ng mga Carter."

16 Kapatid na Wright, kasama nga kita noon. [Sinasabi ni Kapatid na Wright, "Siyanga, po."—Pat.] At nung makaparoon na kami, gaya ng eksaktong sinasabi nung pangitain, ganoon na ganoon mismo ang nangyari. At si Georgie ay kaagad na gumaling nung oras na 'yun, mula sa pagdurusa nang siyam na taon at walong buwan, na di nga siya nakabangon bago 'yun ni minsan mula sa pagkakaratay. At di na nga siya bumalik pa sa pagkakaratay, sa abot ng nalalaman ko, maliban na lang siguro kung siya'y mayroong matinding sipon o kung ano, hanggang sa araw na ito.

17 At sa pagkakaunawa ko'y may matindi siyang karamdaman ngayon. Noong nagkaroon kami ng pagkakatipon-tipon kina Kapatid na Wright dito, bago ako mag-ibayong dagat, siya'y napasadya pa roon. At may ano nga sa akin. . .Nabanggit ko 'yun kay Kapatid na Wright, bago umalis 'yung dalagita, na may kung ano sa Espiritu ng Panginoon na nag-uudyok sa akin na magpunta muli kina Georgie. At ngayon nabalitaan ko na may kanser pala siya sa dibdib at nasa malalang yugto na raw. At siya'y sumusuko na, para mamatay, at may pagpapasya na siyang yumao na't tanggapin ang kanyang kamatayan.

18 At sabi'y nabalitaan niya na bumalik ako, at, pagpalain ang kanyang munting puso, siya'y tumayo sa higaan, at sabi. . .siya nga'y nananampalataya na gagaling siya ngayon. Haya't 'yun nga'y napakalaking pananampalataya, ako. . .na manalig na—na ang Diyos ay dumirinig sa mga panalangin ng mga mortal. Kaya heto ako—ako—ako na talagang may pagkalugod po kay Georgie, bilang aking kapatid. At nais ko pong samahan n'yo ako sa pananalangin, na iligtas ng Diyos ang kanyang buhay. Ako. . .na ipahayag nga Niya sa akin kung anong sasabihin ko ngayon sa pagpunta ko roon.

19 Napakarami pa po ring iba. Si G. Wiseheart, Kapatid na Jim Wiseheart na laging pumupunta rito noon, 'yung anak na lalaki ng kapatid niyang lalaki'y naroon ngayon sa may ospital. Katatawag lang niya, may Hodgkin's disease po raw. Haya't mas malubha nga 'yan kumpara sa kanser, alam n'yo.

20 At may kaso nga tayo nun na pinagaling, dito mismo sa tabernakulo, nito-nito lang. Kung naaalala n'yo, 'yung batang babae, tinaningan na ng doktor na tatlumpung araw na lang daw siyang mabubuhay; isa pong estudyante sa mataas na paaralan dito. At nagpunta rito ang kanyang nanay at isinuko ang kanyang buhay kay Cristo at nabautismuhan, at maging 'yung batang babae, rin. At sabi nila, "Huwag ipagsabi sa bata, huwag ipaalam sa kanya na malapit na siyang mamatay." At bago 'yun, nung narito na sila noon sa pila rito, nung umagang 'yun, sinapo siya ng Espiritu Santo, tinalos ang mga bagay na ginawa niya, at iba pa. At siya'y agad na pinagaling nung mga oras ding 'yun, na anupa't wala na silang makitang bahid ng sakit sa kanya. At 'yun ay mga dalawa o tatlong taon na ang nakararaan. At nakatagpo ko 'yung binibini, nung nakaraang taon po yata. Sa pagkakaalam ko siya'y may asawa na ngayon at sadyang mainam na mainam ang kalagayan, wala na 'yung sakit na 'yun kailanman.

21 Ngayon, kayang pagalingin mismo ng Diyos ang Hodgkin's disease. Wala ngang malaking bagay. "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa lahat ninyong karamdaman." Kaya tayo po'y mangusap sa Kanya, sa kaunting sandali, para sa. . .para sa mga maysakit, at para sa pagpapatuloy ng gawain.

22 Ngayon, mabuting Makalangit na Ama, sa pagkakatipon po namin sa kalugud-lugod na munting dakong ito, marahil di po ganoong kagandahan sa mata, kung titingnan, pero, Ama, kami nga'y nakararamdam ng kapanatagang kami'y may malalagian sa dako pong ito, sa pagkabatid pa lamang na kami'y ilang ulit Mo na pong pinagpapala sa tuwina. Ang pakiramdam namin, sa munting dakong ito, ay katulad kay Jacob, nung gabi pong 'yun, matapos na takasan niya ang kanyang kuya; nagkaroon ng pangitain, nakita niya ang mga Anghel ng Diyos na akyat-panaog sa isang hagdan; pinagulong ang mga bato't, ang sabi, "Ito ang bahay ng Panginoon." Ama, dalangin ko po na Iyong

pagpapalain ang mga nagkatipun-tipon dito sa bahay na ito ng Panginoon, sa gabing ito, sa Bethel.

23 Iyo pong dinggin nawa ang aming mga pananalangin para sa mga maysakit; 'yung binatilyong inaalihan ng demonyo na dumalaw sa aming kapatid na lalaki.

24 At nananalangin din po kami para kay munting Georgie, Panginoon. Diyos, huwag Mo pong ipahintulot na lamunin siya ng kamatayan. Iyo pong iniligtas siya, labing-dalawa, labing-apat na taon na ang nakararaan ngayon, at dumadalangin po ako na Ika'y patuloy pa ring magliligtas. Ikaw po na nagawang alisin ang TB na 'yun mula sa kanya noon, ay magagawang alisin din mismo ang kanser na 'yun mula sa kanya. Haya't Ikaw nga ang Diyos. At minamahal Ka namin, Ama, at amin pong hinihiling ito nang may pananampalataya na di nauuga.

25 At doon din po sa ospital, sa binatang 'yun, sa batang-bata pong sundalo na nakaratay roon, na malapit nang mamatay, wala na raw kapaga-pagasa. Pero, Ama, doon nga sa ganoon ding tipo ng oras, nung mangusap Ka noon kay Pablo, sabi, "Lakasan mo ang iyong loob, Pablo." Ikaw nga'y mangusap uli, Panginoon. Dalangin ko na Iyong kahahabagan ang buhay ng binatang 'yun. Iyo pong ipagkaloob. Nawa'y di siya mamatay, Panginoon. Siya nawa'y mabuhay, na ang kaluwalhatian ng Diyos ay mahayag sa kanyang buhay.

26 Iyo pong tulungan kami, sa gabing ito, ngayon sa gawain. Iyo pong patawarin kami sa aming mga pagkakasala. Wala nga kaming alam na anumang salita na dapat naming sabihin, amin lamang itinatagubilin ang lahat ng mga bagay sa Iyo, at heto po na hinihiling namin na ang kaluwalhatian ay mapasa Iyo, dahil hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus, na Iyong Anak. Amen.

27 Ngayon, gustung-gusto ko po talagang ipinapangusap ang tungkol sa Kanya na ating sinasamba rito, ang Panginoong Jesus. Ganoon na lamang ang kabutihan Niya sa atin, at lahat nga tayo'y iniibig Siya. Sigurado po ako, na ngayong gabi, na ito'y mapapasa mismong kaibuturan ng ating mga puso, kung mapagtatanto natin na Siya mismo'y nasa kalagitnaan natin, kung atin lamang Siyang makikita. Pero narito Siyang talaga, sinisigurado ko nga 'yan sa inyo. Na ang Kanyang Espiritu na pumupuno sa lupa, dagat, at himpapawid, ay narito mismo sa bulwagan na ito rito sa piling natin ngayong gabi. At Siya—Siya, tayo. . . Ang mga pagpupuri natin ay katanggap-tanggap sa Kanyang paningin, at nalulugod Siyang sinasamba.

28 Ngayon para sa kaunting simulaing kaisipan, kung bakit tayo narito. Ang bahay ng Panginoon ay bahay ng pagtutuwid. Nalalahad ang kautusan mula sa bahay ng Diyos.

29 At sa tingin ko, dito sa panahon na kinabubuhayan natin, at lalong-lalo na sa masasalimuot na madidilim na mga oras na

ito, matapos kong bumiyahe't nasaksihan ko mismo ang lahat ng mga bansa, anupa't may nag-iisang tanging pag-asa na lang na nakikita kong natitira, at 'yun ang ikalawang Pagparito ng Panginoong Jesus. At tiyak na tiyak na Siya'y paparito mismo, gaya nung pagparito Niya noong unang pagkakataon. Akin nga 'yang sinasampalatayanan nang buong puso ko, nang buong buhay ko.

30 Dahil, ang Kanyang Salita, gaya ng nakita natin kaninang umaga, ay natutupad at natutupad talaga. Ito'y kaisipan mismo ng Diyos na inihayag sa pamamagitan ng Kanyang Salita, at ibinubunsod na maging realidad. Tinalakay natin ito sa paksa kaninang umaga, kung mayroon pong bagong dating lang dito, "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos." Ngayon, ang Salita ang pasimula. Pero bago Ito naging Salita; ang—ang Salita nga'y isang kaisipan na nahayag. Inisip muna Ito ng Diyos bago Niya Ito ibinunsod na maging Salita. Pagkatapos binigkas Niya ang Salita, at Ito po'y tuluyang naging realidad.

31 Ngayon, 'yung Siya rin na nagsugo sa Panginoong Jesus dito, sa pamamagitan ng Kanyang binigkas na Salita, naging realidad Ito't naging ang Anak ng Diyos; namatay, bilang isang walang sala para sa mga may sala, para tubusin tayo pabalik sa pakikisama sa Diyos. Nang sa gayon tayo, na minsang nawalay mula sa Diyos, ay mailapit ngayon sa Diyos, sa pamamagitan ng pag-aalay ng Dugo ng matuwid na Anak ng Diyos. Haya't kung papaanong ganoong katiyak na si Jesus ay naparito sa unang pagkakataon noon, bilang isang Manunubos, darating Siya sa ikalawang pagkakataon bilang isang Nobyo. Siya—Siya—Siya ay darating.

32 At, gayong, iniisip natin kadalasan, "Buweno, ang. . .Oh, napakatagal naman. At napakaraming taon na natin itong iniisip." Yun mismo ang iniisip nila bago ang Kanyang unang Pagparito. At sila'y sa malamang ay ganoon din ang iisipin sa ikalawang Pagparito. Dahil, sinabi ng Biblia na sasabihin nila, "Wala namang kaibhan kaysa noong panahon na nangakatulog ang ating mga magulang." Pero dun nga sa oras na di n'yo inaasahan, doon nga 'yun magaganap. Ngayon kaya nararapat lamang sa atin na . . .

33 Sa Amerika, bilang mga Amerikanong Cristiano, marami ang hihingin ng Diyos sa mga kamay natin, dahil kamit-kamit natin ang tunay na Liwanag ng Ebanghelyo at samantalang nabibigo tayong gamitin Ito sa paraan na marapat sana rito. Kaya, ngayong gabi, nais kong mangusap sa Cristiano, tungkol sa kung papaano mo puwedeng mapighati ang panahon sana ng pagsisisi na inilaan sa iyo; at kung papaanong puwede kang ganap na maalis sa pagmamarka, na wala ka nang bahagi kay Cristo, dahil lamang sa maling pagpili.

34 Ngayon, may kagaspangan nga ang mga bagay na ito. Pero kailangan din ng kagaspangan, paminsan-minsan, para—para mabigyan natin ng kaukulang pagpapahalaga ang Panginoong Jesus.

35 May nakatagpo po akong kapatid na lalaki, ngayong araw, habang papalabas ako, at sabi niya, "Kapatid na Branham . . ." Pinabibigatang lubos ng mga pinansyal na suliranin ang puso niya. Sabi niya, "Pagkatapos kong marinig 'yung tungkol sa mga mahihirap na tao sa India, at iba pa," sabi, "pero heto nga sa bawat pagkakataon . . ." Sabi, "May mabuti naman akong kalusugan, at, pero para bang lahat na lang ay dinidikdik ako pababa."

36 Ang sabi ko, "'Ang bawat anak na lumalapit sa Diyos ay kinakailangang madisiplina ng Diyos.'"

37 Bawat isa, kinakailangan nating masubok; ang pamalo ng Diyos ay nakaatang sa atin, na kahit para bang inosente naman tayo. Ginagawa 'yun ng Diyos upang patunayan na tayo'y mga anak. "Ang mga di makapagtiis sa pagdidisiplina ay anak sa ligaw," o di totoong mga anak ng Diyos. Pero 'yung lalaki o babae na kaya nilang tumayo at tanggapin ang pamamalo sa kanila, at lahat ng mga di magagandang nangyayari, tapos titingala pa ri't sasabihin, "Panginoon, iniibig Kita," sila 'yun mismo. Yung, "Siya—siya na magtitiis hanggang wakas ay maliligtas." Ngayon, gustung-gusto ko nga 'yun, kayo rin po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

38 "At nalalaman ito, na ang kapighatian ay nagbubunga ng pagtitiis; ang pagtitiis ay nagbubunga ng pag-asa; ang pag-asa ay di nambibigo." Hayan nga. Kita n'yo? "Ang kapighatian ay nagbubunga ng pagtitiis." Maging mapagmatiis. "At ang pag-asa'y di tayo bibiguin." At kamit-kamit nga natin ang pag-asa, ngayong gabi. Sa lahat man ng mga kapighatian natin, siyanga, ay gumagawa ito. Ibinubunsod ng mga kapighatian na maging mapagmatiis tayo, na hinihintay ang Pagparito ng Panginoon.

39 "Kapag nahayag na Siya mula sa Langit sa ikalawang pagkakataon, sa kaluwalhatia't karangalan, iluluwa ng dagat ang mga patay na nasa kanya. Ang mga katawang may pagka sira ng mga nangakatulog, sa Kanya, ay mababago at magiging katulad sa Kanyang Sariling maluwalhating katawan, upang maipasailalim sa Kanyang Sarili ang lahat ng mga bagay." At kaya ano bang dapat nating maging, ngayong gabi, ang hindi ba't maging masasaya't, nagagalak na mga Cristiano, na nag-aasam sa dakilang araw na 'yun ng Pagparito ng Panginoon.

Heto nga si Jesus, muli, na ipinapangusap ang Salita.

40 Kanina, may isang kalugud-lugod na kapatid na lalaki na kinatagpo ako kanina lang. Marahil nasa gusali siya sa mga sandaling ito. Di ko lang siya makita ngayon. Pero ang sabi niya, "Kapatid na Branham, pinahahalagahan ko ang Salita."

Tama ’yun, ang Salita! Ang Salita ay matatag. Yun ’yung bagay na . . . Di ka nga basta magkaroon lang ng pananampalataya na nakasalig sa anumang bagay na sinabi ng kung sino. Kailangan may pinagsasaligan ito. At ano pa bang ibang pinagsasaligan ang hihigit sa Salita ng Diyos? May panahon nga, na ang buong langit at lupa’y lilipas, pero ang Kanyang Salita ay tunay na walang katapusan kung papaano ang Walang Hanggan. Ito ay uusad nang uusad nang uusad, na magpakailanma’y mananatili Ito sa kung ano Ito. Pansinin, si Jesus . . .

41 Tayo nga’y dadako na agad nang diretso sa teksto ngayon, dahil may gawain pa ng pagkokomunyon. At ’yan nga ang bahagi natin. Bawat lalaki ngayon, at babae, kabataang lalaki o kabataang babae, na tumatawag sa Pangalan ni Jesus, inyo pong ihanda na ang mga puso n’yo ngayon, bilang paghahanda para sa hapunan ng Panginoon. Oh, napaka inam na bagay nga nito. Sabi ng Diyos, sabi ni Jesus Cristo, “Kung iyong . . . Ang kumakain ng Aking laman, umiinom ng Aking Dugo, ay may Buhay na Walang Hanggan, at siya’y ibabangon Kong muli sa huling araw. At ang di kumakain, ay walang bahagi sa Akin. At ang kumakain at umiinom na di karapat-dapat, ay kumakain at umiinom ng hatol sa kanyang sarili.” Grabeng sandali! Ngayon tayo’y maghanda na para sa dakila’t, maluwalhating kaganapan na ito, sa ilang mga sandali. Isa sa pinaka dakila, sa palagay ko, na mayroon tayo sa tabernakulo, ay ito ngang gabi ng komunyon.

42 Ngayon, doon noon sa unang bahagi ng pagmi-ministeryo ng Panginoon natin dito, Siya’y nagpunta ng Capernaum, sa palagay ko, muli. “At naupo Siya, noong Sabbath, sa templo. At inabutan Siya nitong ministro ng templo ng balumbon para basahin.”

43 Kung mapapansin n’yo, may mga kaugaliang ginagawa sila noon na pareho sa atin. Si Jesus, haya’t binabasa rin Niya ang mga Kasulatan, tapos ibabase ang Kanyang pagtuturo dun sa Kasulatan na ’yun. Minsan nga’y taliwas ’yun sa iniisip ng mga Judio, pero, gayunman, sinong—sinong puwedeng magparatang sa Kanya? Siya ang Panginoon ng Kaluwalhatian.

44 At binasa Niya ’yung Dako roon na sinasabi ni Isaias:

> Ako’y pinahiran Niya *upang itanyag ang kaayaayang taon ng Panginoon.*

45 At nung basahin Niya ’yun, huminto Siya, at binalumbon ’yung balumbon, at ipinatong sa isang tabi; bumaling sa mga tao, at nagsabi:

> *Ngayon* ay *naganap* ang salitang *ito sa inyong harapan.*

46 Ngayon, si Isaias, daan-daang taon po, marahil nasa lima at walong daang taon bago ang pangyayaring ito, ay iprinopesiya na sa ilalim ng inspirasyon, na si Cristo, na sa pagparito Niya,

ay Siya'y papahiran "upang itanyag ang kaaya-ayang taon ng Panginoon." Pagkatapos nararapat lamang na magkaganoon 'yun nang eksaktong ganoon, dahil ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang propeta, ay ipinangusap ang Kanyang Salita, at ang Kanyang Salita ay narapat lamang na maganap.

47 At gaya ng natalakay natin kaninang umaga, sa Isaias, na sadyang ang mga tao . . . Gayong gumawa si Jesus ng maraming makapangyarihang mga gawa sa harap nila, haya't, di pa rin sila makasampa-sampalataya, dahil sinabi ni Isaias, "Sinong naniniwala sa aming balita? Kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?" Sabi niya, "Sila'y may mga tainga ngunit di sila makarinig, at sila'y may mga mata ngunit di naman makakita. At sa ganito'y di sila mapagbabagong-loob man lang." Dahil sinabi ni Isaias 'yan, ang mga tao'y di nila maunawaan ang mga himala't mga bagay-bagay na ginagawa ni Jesus sa harap nila. Alam n'yo ba, na 'yung siya ring propesiya na 'yun . . . ?

48 Pansinin, ang propesiya nga'y nauulit. Alam n'yo ba na ang mga Salita ng Diyos ay nauulit, tumatakbo na parang pabilog na umuulit ito? Halimbawa na lang, minsan dun sa Kasulatan, nabasa ko roon, at sinubukan kong ikumpara 'yun sa mga iba pang nakalistang talata sa gilid ng pahina, sa buong Biblia, na sinabi dun sa Is- . . . sa Mateo, ika-2 kabanata, kung saan, o, unang kabanata po pala, sa tingin ko, na ang sabi, 'yun nga'y isinakatuparan ng Pangioon, sa pamamagitan ng propeta, "Mula sa Egipto ay tinawag Ko ang Aking Anak," tinutukoy si Jesus na tinawag palabas ng Egipto. Haya't tumutukoy rin ito, noong tawagin palabas ng Diyos ang Israel, dahil ang Israel ay Kanyang anak din naman. At 'yung Kasulatan na sila . . . na tinutukoy ni Mateo, ay 'yung mismong Kasulatan nung tawagin Niya ang Kanyang anak, na Israel, palabas ng Egipto, anupa't Kanyang tinawag din ang Kanyang Anak, na si Jesus, palabas ng Egipto. Kita n'yo?

49 At itong mga Kasulatan, ngayong gabi, na binasa natin Dito, ay tinutupad muli sa panahon ng mga Gentil. "Sila'y may mga mata ngunit di sila makakita. Sila'y may tainga ngunit di makarinig." At samantalang gumagawa na ang Diyos ng mga himala't mga tanda at mga kababalaghan, at heto ang mga tao na talagang pikit-mata sila rito, dahil sinabi na mismo nung propesiya na ganito mismo ang mangyayari.

50 Ngayon, si Jesus ay iprinopesiya na, ni Isaias, "na itatanyag ang kaaya-ayang taon." Yan nga ang pagtutuunan natin, sa gabing ito, ngayon. Ngayon, "ang kaaya-ayang taon," ay ito, na, sa isang bahagi ng panahon, sa pagitan ng maraming mga taon. Ang *kaaya-ayang taon* ay 'yung taon na tinawag, doon sa Lumang mga Kasulatan na, "taon ng jubileo." Sumasapit nga ito . . . sa palagay ko ng parang . . . Kada pitong taon ay ang taon ng jubileo.

51 At kada pitong taon ay hinahayaan nilang mamahinga ang lupa. Di sila nagpapatubo ng anumang bunga roon, o maski anumang. . .di nagtatanim ng anumang pananim. Hinahayaan nila ang pagtatanim sa bukid, na tumigil muna, kada pitong taon; at sa panahon na 'yun ay ang jubileo.

52 At sa tuwing may alipin na ipinagbibili, o isang Hebreo, na may lalaki halimbawa na naipagbili niya ang mga anak niya sa pagkaalipin. . .

53 Ngayon, parang ang pangit pong pakinggan, pero tumayo po ako sa isang dako mga ilang gabi na rin ang nakararaan at natunghayan ko mismo 'yung bagay na ganoon na nangyayari. Haya't, may mga kalalakihan na dinadala nila ang mga anak nilang babae, mga kay babata pang kababaihan, ipinagbibili doon sa bentahan ng mga alipin, at hinuhubaran pa sila, at ipinagbibili sila roon bilang mga alipin. May isang lalaki nga roon, di po kasama sa grupo namin, na nakisama lang sa amin, na bumili siya ng isang magandang kabataang babae, sa halaga na tatlumpu't limang dolyar, at may—may dokumento pa 'yun sa batas, na parang titulo lang na makukuha mo para sa kotse. May ibang haya't sila'y naipagbili lang nang sampung dolyar. Yung iba pa nga'y ipinamimigay na lang. At sa ano't anuman, saanmang dako 'yan na ang Pangalan ni Jesus Cristo'y hindi ginagalang, ang mga tao't mga kababaihan ay nagmimistulang parang mga hayop lang ang halaga.

54 At ganoon na lamang na dapat nating purihin ang Diyos para sa bansa na ito na tinitirhan natin, para sa moralidad at mga bagay-bagay. Nakalulungkot lang itong pagsasawalang-bahala natin sa mga bagay na kamit natin, itong mga kalayaan na ito ng Diyos.

55 Ngayon, doon nga'y nagbebenta sila ng alipin. Ngayon ito—ito pong babae rito halimbawa, ngayon, siya'y dadalhin doon at marahil para maging asawang babae, o marahil maging alila. Haya't ipagbibili nila siya; titingnan 'yung mga ngipin niya, titingnan kung gaano ba siyang kalakas, kung kaya ba niyang magtrabaho o hindi, o kung siya ba'y birhen o hindi, at kung anu-ano pa. At magagawa n'yo nga silang bilhin, kumuha ng kasing dami na gustuhin n'yo, kasing dami ng kaya n'yong pangasiwaan, kasing dami ng kaya n'yong bilhin.

56 At, ngayon, ganoon din 'yun noong panahon ng Panginoon, nung panahon na 'yun na maglalabas sila ng alipin at siya'y ipagbibili. Pagkatapos, kada pitong taon ay sumasapit ang taon ng jubileo. Ngayon, ang panahon na 'yun ay isang dakilang panahon, at may malaking halaga ito sa mga tao sa panahon ngayon. Dakilang panahon!

57 Ngayon, ang mga alipin nga'y nasa bukid sila, o kung saan man sila, sa trabaho, at pagkatapos marahil nagkakanda-kuba na sa mahirap na pasanin na inatang sa kanila ng kanilang mga

tagapagmando, ang may-ari. At siya nga'y ganap na panginoon at among mataas sa kanila, dahil may legal na dokumento siya na maipapakita na ang naturang alipin na ito ay pagmamay-ari niya. Marahil tratratuhin niya ito na parang isang kabayo lang, o anumang gusto niya. Haya't alipin niya ito.

58 Pero, heto nga, kada pitong taon, kautusan ng Diyos, na may sasapit na taon ng jubileo. At sa pagsapit ng taon na ito ng jubileo, haya't may saserdote na lilibot sa buong lupain, na magpapatunog ng trumpeta, at bawat alipin na binili sa ano mang halaga, at naging alipin, ay binibigyan ng pribilehiyo na maging malaya, makabalik sa tahanan uli, makabalik sa mahal niya sa buhay. Siya'y ipinanauli sa pamamagitan ng pagtubos, sa pamamagitan ng biyaya. Di nga niya kailangang magbayad ng anumang halaga. Yung mga mahal niya sa buhay ay di nila kailangang magbayad ng anumang halaga. Isa 'yung paggawa ng Diyos. Napaka ganda ngang pagsasalarawan!

59 Sa panahon ngayon, na ang mga kalalakiha't kababaihan, ng bansa nating ito at saanmang dako, ay naipagbili nila ang sarili sa kasalanan, sa pag-iinom, pagsusugal, pagpapakasasa, paggawa ng mga bagay na di nila dapat gawin, at naging mga alipin ng diyablo. May ilan . . .

60 May nakilala akong batang-bata pang binibini, dito di pa katagalan. Sabi niya, "Kapatid na Branham, ibibigay ko ang kahit na ano maputol ko lang itong pagkakatali ko sa wiski." Sabi niya, "Nagsimula ako nung maliit na dalagita pa lang ako, ako kasi'y napasama sa isang binatang palainom. Nagsimula kami sa pahalo-halo lang ng kaunting alak sa iniinom namin, at ako nga'y naging ganap na alipin na nito kalaunan. Kung di ako makainom," sabi niya, "natutuliro ako. Kung magagawa ko lang sana na mawala ito sa akin!"

61 Sabi ko, "Di mo magagawa sa sarili mo, pero May kilala ako na kaya Niyang putulin 'yan sa iyo. Heto ang Panginoong Jesus Cristo na dumarating upang palayain ka."

62 Ngayon, kung mapapansin n'yo, sa simbolo, ang taon na ito ng jubileo ay nauulit uli ngayon. May mga pana-panahon nga na may isang rebaybal na dumarating sa bansa; katulad nitong, malaking rebaybal ng Welsh, na natapos di pa katagalan. Ang mga tao . . . magagawa natin na humayo't magpausbong ng mga Billy Graham at mga Oral Roberts sa buong bansa, saan mang dako. At gaano man nating subukan na gawin, gaano mang sikapin natin na iorganisa ang mga tao natin na maglakip-lakip, at pagtipun-tipunin sila, Diyos lang ang naghahatid ng rebaybal. Kahit na ano pang . . .

63 Kami'y nagsisikap na magkaroon ng isang organisasyon ng mga Christian Business Men. Mainam po 'yun. Ngayon sila'y nagsisikap na magkaroon ng isang—isang interdenominasyong asosasyon ng mga ministro. Sadyang mainam po 'yun. Pero,

kapatid, hangga't tao lamang 'yan, wala nga itong mararating. Haya't kinakailangan na may Espiritu ng Diyos na lulukob sa gitna ng mga tao!

64 Ngayon itong pong dakilang rebaybal ng Welsh nung ito'y magpasimula, isa 'yung panahon ng jubileo para sa mga Welsh. Nagpasimula sila roon, na pawang mga tao lang na di nakapag-aral, na ipinapangaral lamang nila dun ang Ebanghelyo. At ang kapangyarihan at ang kaluwalhatian ng Diyos ay nagsimulang bumuhos, na anupa't ang mga kalalakihan sa pagnenegosyo sa kanilang pagpasok sa trabaho at sa pag-upo nila sa mesa nila, haya't nagsisitangis na parang mga sanggol, at isasara pa nila ang kanilang pag-. . .kanilang negosyo. Yung mga magsasaka sa bukid ay mapapahinto sa kanilang pang-araro o pag-aararo. Pahihintuin nila ang mga hayop nila sa pag-aararo at aalis dun sa bukid, na mga nanggigitatang makasalanan, at itataas nila ang kanilang mga kamay sa Diyos, at iiyak nang mapalahaw para sa habag. Maging 'yung mga naglalakad lang sa daan, at saan pang dako. Umiihip ang mga silbato't, lahat na. May isang rebaybal ngang nagaganap.

65 Yan ang kailangan mismo ng Amerika sa gabing ito. Di nito kailangan ang isang Billy Graham, haya't di nito kailangan ang isang Oral Roberts. Ang kailangan nito, sa gabing ito, ay ang Espiritu Santo na kikilos sa kalagitnaan ng mga tao, na tamo-tamo ang taon ng paglaya. Tama 'yun. Di kailangan ng bagong organisasyon. Di kailangan ng bagong istruktura. Ang tanging kailangan nito'y ang mismong Espiritu Santo na darating na may kapangyarihang maibunsod ka sa pagsisisi. Magagawa mo ngang maipangaral ang Ebanghelyo hanggang sa mag-uban ka; magagawa mong magpamalas ng mga tanda't kababalaghan hanggang sa mag-uban ka; pero maliban na ang Diyos mismo'y maparoon sa kalagitnaan ng mga tao at magsimulang kumilos.

66 Haya't, noong magsimula ang rebaybal na 'yun, may isang ministro na napadaan sa isang dako na may alkantarilya na nakapahalang sa kalsada. At kanya itong. . .inihinto niya ang kanyang kabayo, at sumampa dun sa ibabaw ng alkantarilya, at nagsabi, "Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ang siyudad na ito'y sobra nang nasalaula." Sabi, "Iyo pong ibunsod na ang bawat lalaki, babae, kabataang lalaki o kabataang babae, na magdaraan sa alkantarilya na ito, na makaramdam ng pagsisisi sa pamamagitan ng Espiritu Mo." Nagpatuloy siya't nagkaroon muna ng taimtim, na matapat na magiting, na siya mismo sa dakong 'yun, ay nanalangin. Naglumagi roon, araw at gabi, na nag-aayuno, nananalangin.

67 Tumuloy na siya roon sa kanayunan, at humingi siya ng pahintulot na siya ang manalangin ng basbas sa hapag, bago ihain ang hapunan. Sabi, "Sige."

68 At kaya tumayo siya roon at nagsabi, “Panginoong Diyos, Iyo pong ibunsod na ang bawat lalaki at bawat babae na uupo sa hapag na ito, ay mapasailalim sa pagsisisi.”

69 At bali-balita’t, nailathala pa sa mga pahayagan, na, “Mga kalalakiha’y dumaraan sa alkantarilya na ’yun, at inihihinto nila ang mga kabayo nila sa daan, at nagsisimulang manangis at umiyak.” “Mga kalalakihan at mga kababaiha’y sasalo dun sa hapag at mauupo at kukuha ng kanilang pagkain, at iuusog ’yun palayo sa kanila, at nagsisimulang manangis at umiyak at magsisi.”

70 Ganyang klase ng rebaybal ang kailangan natin sa gabing ito, kung saan ang Diyos ay bumababa mismo sa kalagitnaan ng mga tao.

71 Nagagawa natin na magpasimula ng pagtitipon, makagawa ng mga tanda’t kababalaghan. Napapansin ko nga ’yan dito. Ako nga’y nagmamasid, at minsan, sa pagtitipon, nakakakita ang mga bulag, nakakarinig ang mga pipi, nagdadagsaan ang mga tao’t nakikiusyoso, magsasabi, “Kamangha-mangha ’yan.” Kapag tapos na ang rebaybal, wala ka nang maririnig na ano mang balita sa kanila. Nagsibalikan na sila, “Buweno, siyanga, nananalig naman ako kahit papaano.”

72 Ang sadyang kailangan nito, ngayong gabi, ay hindi bagong mangangaral. Ang kailangan talaga nito ay ang Espiritu Santo, na maparoon mismo sa gitna ng mga tao, na pakikilusin sila, na magutom at mauhaw para sa katuwiran. “Mapapalad sila na mga nagugutom at nangauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila’y bubusugin.” Ano pa man ’yan, kinakailangan ng Espiritu Santo para magawa ito.

73 Ngayon, sa mga panahong ’yun kapag ang mga saserdote na ’yun. . .May kalalakihan halimbawa na naroon sa parang, at marahil nagbubungkal sa taniman ng mais; lalakad dun ang amo, na hinahampas ang lalaki ng panghampas, “Bilisan mo riyan! Kinakailangan itong madaliin!”

74 Pero sa mismong sandali na tumunog ang trumpetang ’yun, ’yung lalaki ngang ’yun ay maaari na niyang ihagis ang asarol niyang pambungkal sa isang tabi, na sasabihin, “Hindi na ako magbubungkal pa.” At ’yung tagapagmando, ’yung taga-utos sa mga alipin, siya nga’y di pinahihintulutan na dampian man ang lalaki na ’yun, dahil ang lalaki’y malaya na. Bakit? Siya kasi’y nakarinig na ng mabuting balita. Umiiral na ang jubileo. Ang bayad-utang ay nagawad na, at lahat ng mga alipin ay maaari nang lumaya.

75 Naalala ko, ang sarili ko, oh, grabe, nung marinig ko ang mabuting balitang ’yun na pumasok sa puso ko. Haya’t ako’y isang munting hamak na makasalanang binatilyo na nakaratay noon dito sa higaan sa ospital, sabi nung doktor, “May tatlong minuto ka na lamang para mabuhay.” Tapos narinig ko ’yung

tunog na ’yun mula sa Langit, na ipinapaalam sa akin na ang taon ng jubileo ay sumapit na.

76 Tinanggap ko ang Panginoong Jesus, nakalagan sa lahat ng mga tanikala ng kasalanan, at sinabi sa diyablo, “Di mo na ako puwedeng salingin, dahil ibinigay ko na ang buhay ko kay Cristo Jesus, at di mo na ako puwedeng hagupitin pa.” Mula noon, ang nagagawa na lamang niya’y takutin ako, maraming beses pa nga. Pero di niya ako masaling mula noon, dahil siya’y hanggang pananakot lamang. Haya’t naririnig ko ang hagupit at wasiwas ng kanyang panglatay, at kung anu-ano pa, pero wala ’yung saysay. Dahil, di nga niya ako puwedeng salingin, dahil ako’y pagmamay-ari na ng Panginoon ngayon. Siyanga.

77 Ngayon pansinin natin ang lalaki na ito, matapos na siya’y maaari nang lumaya, siya nga’y, bumalik sa tahanan niya, bumalik sa mga mahal niya sa buhay, bumalik sa asawa niya’t mga anak. Malaya na siya. Di na niya kailangang maging isang alipin pa.

78 Pero heto po ang masamang senaryo. Kung ang lalaki na ’yun ay wala siyang pagnanais na makabalik, at gusto niyang manatili na lamang doon, ang amo nga’y lalakad papunta sa lalaki, sasabihin, “Gusto mo pa rin bang maging alipin ko?” “Opo.” Pagkatapos nga’y dadalhin nila ang lalaki sa templo, ipaaalam ’yun sa mga tao, bilang paglalahad sa publiko, tapos isasandal ang tainga niya sa may haligi, at uumangan ’yun ng pambutas, at mamarkahan siya sa may tainga. Mangyari ngang hindi na siya puwedeng maging malaya pa kahit kailan. Siya’y magiging alipin na habang buhay niya. Kinakailangan niyang magpatuloy na magsilbi dun sa taga-utos sa mga alipin, habang buhay niya, kung sasadyain niyang tanggihan ang pagtawag sa kanya at ang oportunidad na maging malaya.

79 Ngayon bulayin n’yo ang inyong sarili, pansumandali. Sa loob ng nakalipas na apatnapung taon, dito sa Estados Unidos, ay walang humpay ang pagdagundong ng Espiritu Santo, na kumikilos sa mga tao’t mga indibiduwal, nagbibigay ng mga tanda’t mga kababalaghan, at lahat na ng uri ng mga himala. Ang mga tao’y hinango, mula sa pagiging patutot, mula sa pagiging anak sa ligaw, at kung anu-ano pa, at pinaging mga maginoo’t mga Cristiano. Nariyan din ang mga dating bulag, na sila’y napagkalooban ng kanilang paningin. Mga binging tainga ay nabuksan. Hayan nga ang dakilang panahon ng jubileo para sa mga may sakit at nabibigatang lubha, sila na mga nagagapos ng diyablo! Saan mang suliranin, ang tao ma’y may sakit, siya ma’y bulag, siya ma’y pilay, haya’t may makailang libo’t ilang libong mga himala ang nagawa sa gitna ng mga tao. Laging may rebaybal na patuloy na umiiral sa mga kaiglesyahan, sa loob ng nakalipas na apatnapung taon, ng bautismo ng Espiritu Santo. At humantong na sa punto, na ang bansa, at sa kabuoan,

at sa indibiduwal, at sa kaiglesyahang mga grupo, atin ngang tinanggihan Ito. Lumayo tayo't tinanggihan Ito.

80 Ngayon ang masaklap nga rito, mga kaibigan, ay kung pipighatiin mo ang Espiritu Santo nang paulit-ulit, haya't ika'y lumampas na nga sa paghihiwalay na hangganan. Humantong ka na sa dako na wala nang natitirang pagsisisi sa iyo, at ika'y tuluyan nang tatatakan tungo sa kaharian ng kadiliman, kung saan hinding-hindi mo na makikita pa ang Panginoong Jesus. Di mo na makikita pa ang pag-asa ng Buhay, at tatatakan ka na nang ganap at kailan man. Isa po itong mahigpit na babala! Oh, umaasa ako na ang Espiritu Santo'y tumimo nang husto sa inyong puso.

81 Kayo na nakatayo riyan sa hangganang linya. Kayo nga na nakapag-isip noon, nang maraming beses, "Gusto kong maging isang Cristiano na lubos na nagpapasakop, kung makakapag pasya lamang ako kung kailan ko ba ito gagawin." Oh, kapatid kong lalaki, kapatid na babae, di n'yo ba napagtatanto na baka ito na ang huling pagkakataon na iyo pang magagawa 'yan? Ito na marahil ang huling gabi na mabibigyan ka ng pagkakataon na maging isang mananampalatayang Cristiano. Marahil ito na 'yung huli, mula sa gabing ito, na huli mo na itong pagtanggi sa Mensahe ng Diyos. Ang kasunod nga'y ikaw, sa paningin ng Diyos, ay tinatakan na dahil sa sukdulang pagtalikod.

82 Magkakaroon lamang ng dalawang uri ng tao sa huling mga araw. Kapwa sila magdadala ng tatak.

83 Ang tatak ng Diyos ay ang bautismo ng Espiritu Santo, di 'yan mapasusubalian. Naipangaral ko na 'yan di pa katagalan, dito. Sa pamamagitan ng tulong ng Espiritu Santo, at sa Salita ng Diyos, napatunayan nga mismo, na ang tatak ng Diyos ay ang bautismo ng Espiritu Santo. Sinasabi ng Mga Taga-Efeso 4:30, "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa pamamagitan nito ay tinatakan kayo hanggang sa araw ng pagtutubos." Kung wala ang Espiritu Santo, wala kayong tatak. Anupa't ang Espiritu Santo ang Tatak ng Diyos.

84 At mangyari, na, ang lahat ng mga di natatakan ng Espiritu Santo, ay natatakan ng tatak ng hayop. At ang tatak ng hayop ay ang tatak ng sukdulang pagtalikod, na mismong, pagtanggi sa Espiritu Santo. Nakikita n'yo po ba ang ibig kong sabihin?

85 Kaya sa panahon ng taon ng jubileo, o sa pagdagundog ng tunog, na ang mga tao'y tinatanggap nila ang Espiritu Santo; at ikaw nama'y sinasadya mo, na buong diwa mong tatanggihan Ito, ang Diyos nga'y wala na, o, hindi na obligado na mangusap pa sa iyo kahit kailan. Pagkatapos ay tatatakan ka na, lahat ng mga lumang tipo ng Lumang Tipan, ay tipo't anino lamang ng Bago. At ang ayawan si Cristo, at ang tanggihan Siya, na Siya'y kumatok na sa inyong pinto, hayan ka nga sa mapanganib na kasunod ng pagbubutas ng tainga. "Ang pananampalataya ay

nanggagaling sa pakikinig, sa pakikinig ng Salita ng Diyos." At ang Diyos ay maglalagay nga ng takip sa inyong mga tainga, na magbubunsod sa inyo na di na makaunawa pa kahit kailan. At wala ka na ngang ibang gagawin kundi libakin ang Ebanghelyo habang ika'y nabubuhay; at mamatay, at magpakailanman ka nang mapapahamak. Grabeng panahon, habang panahon ng jubileo, habang ang mga pintua'y bukas pa! Napagtatanto n'yo ba na ang siya ring bautismong ito ng Espiritu Santo . . .

86 Pinag-aaralan ko ang kasaysayan ng mga nasa apat, lima, anim na taon na, patungkol sa Espiritu Santo, na nababatid na itong sandali na ito na pinarating sa akin, ay parating; na aking isasantabi ang mga gawain ng pagpapagaling bilang bigay-daan muna, nang kaunting sandali, at nang maipangaral ko ang Ebanghelyo. Ganoon nga. Ang unang bagay na kailangan kong gawin . . .

87 Sabi ng mga tao, "Bakit di mo gawin 'yung *ganito*? Bakit di mo gawin 'yung *ganoon*?"

88 Ang unang-una ko ngang bagay na dapat gawin gamit ang Makalangit na kaloob na ito, ay mahikayat ang mga puso ng mga tao. Kung di ko kasi mahihikayat ang kanilang puso, di sila makikinig. Pero ngayon ay pinatotohanan na ito ng Diyos, at kaya ngayon sila'y naniniwala na sa akin. Nakita nila mismo ang mga bagay na sinalita na nangyayari talaga, salita bawat salita. Nakita nila mismo ang kapangyarihan ng Diyos na kumikilos at gumagawa nang sadyang eksakto. Kaya ngayon anumang sabihin mo, sila nga'y sasampalataya rito. Ngayon ang unang bagay na dapat kong sumpungan, ay kung ano itong ipinapangusap ko, dahil pananagutin ako ng Diyos sa bagay na ito sa Araw ng Paghatol. Totoo po 'yun.

89 Ang bautismo ng Espiritu Santo'y bumaba, una sa muling pagkakataon magmula noong Pentecostes, sa Rusya, sangdaang taon na ang nakararaan. Siyanga. Kasaysayan po 'yan. At sila noon ay nagkamit ng bautismo ng Espiritu Santo, at gumawa ng mga tanda't kababalaghan, sangdaang taon na ang lumipas; at pagkatapos ay tinanggihan Ito, bilang bansa sa kabuoan, at tinanggihan Ito. At nung gawin nila 'yan, sila nga'y napabaling sa pagiging kontra sa Diyos, kontra sa pananampalataya, at naging mga komunista, na malalamig, na mararahas ang puso. Haya't kung di ka nga makikinig sa Diyos, bibigyan Ka niya ng espiritu na hahatol sa iyo, na mababaling ka sa masamang pag-iisip, na maniniwala ka sa kasinungalingan at mapapahamak dahil dun. Diyan nakatayo ang Rusya sa gabing ito, kasumpa-sumpa sa paningin ng Diyos, dahil nabigo nitong tanggapin ang mensahe ng jubileo ng bautismo ng Espiritu Santo. Napabaling sila sa masasamang pag-iisip. Naniwala sila sa kasinungalinan, at dahil dun ay naging kasumpa-sumpa, sa paningin ng Diyos.

90 Ang kasunod na lugar kung saan Ito bumaba ay sa Turkey, at tinanggihan Ito ng mga Turko. At ipinako nila sa krus, at inihulog pa sa mga balon, at kung anu-ano pa, na isinasaksak pa nila ang mga tabak nang *paganito*, sa mga mamamayan ng Armenia, at iba pa, at pinagpapaslang sila na daan-daan ang bilang. At tingnan n'yo nga kung nasaan ang Turkey sa gabing ito. Nilampasan na siya!

91 Ngayon, kapatid ko, ang Amerika'y nagtatamasa sa loob ng apatnapung taon ng makalumang apostolikong pangangaral, ang taon ng jubileo. At kung di nila Ito tatanggapin bilang isang bansa, at ikinalulungkot ko na di nila tatanggapin, kung magkagayon sila'y tatatakan na, patungo sa madilim, na lubos na sukdulang pagtalikod. Lahat ng mga denominasyon nating ito, ang mga ito'y ayos lang naman, pero, kapatid, ang Diyos ay di kailan tumitingin sa denominasyon. Tumitingin Siya sa mga indibiduwal. Ang Cristianismo ay hindi isang denominasyon. Ang Cristianismo ay isang buhay na ipinamumuhay ng isang indibiduwal. Amen.

92 Balang araw, GANITO ANG SABI NG ESPIRITU SANTO mula sa Salita ng Diyos, na, "Ang Amerika sa kabuoan, ay tinatanggihan na ang Diyos, at tatanggap ng tatak ng hayop na tinutukoy sa Apocalipsis ika-13 kabanata." At pahantong na talaga tayo patungo roon. Di nga papayagan ng Diyos na may isa mang bansa . . .

93 Ang Diyos ay di nagtatangi ng bansa. Di Siya nagtatangi ng mga tao. Ang gusto Niya ay ang sinuman na may ibig. At kung may isang bansa na mananariwa't gagawin ang lahat ng ito at maninindigan, ang imperyong 'yun ay magtatagal kailanman.

94 Pero bawat imperyo ng mundo'y mawawasak sa pagsapit ng Bato na natibag mula sa bundok, na di gawa ng mga kamay, na dudurog sa lahat ng mga kaharian ng mundo hanggang sa magkadurog-durog. At si Cristo ay mamumuno't maghahari, at ang Kanyang paghahari ay magiging walang katapusan. "Ang Kanyang Pangalan ay tatawaging Tagapayo, Pangulo ng Kapayapaan, makapangyarihang Diyos, Ang walang hanggang Ama. At ang pamamahala'y maaatang sa Kanyang mga balikat, at ang Kaharian ay magiging walang katapusan." Yan nga ang Kaharian ng Diyos na parating na taglay ang kapangyarihan at pagpapamalas, pero hayan nga't ang lahat ng iba pa sa mundo ay mawawasak at magkakadurog-durog. Tatanggihan nila Ito. Tatanggihan Ito ng mga bansa, tatanggihan Ito ng mga iglesya, tatanggihan Ito ng mga indibiduwal; na anupa't magagawa na ng Diyos na hatulan ang mga bansa, magagawa na Niyang hatulan ang mga kaiglesyahan, magagawa na Niyang hatulan ang mga indibiduwal. Dahil, ang isang tao na nakasapit na sa Katotohanan, at mabibigong lumakad sa Katotohanan, anupa't siya, ayon sa Kasulatan, siya'y lumapastangan, o tumanggi, sa

Espiritu Santo ng Diyos, at napalampas niya ang Araw sana ng Katubusan.

95 Mga kaibigan, sa tuwing lumalakad-lakad kayo sa palibot dito, at hayan nga ang mga bagay n'yo sa inyo. . . Nananamit tayo ng maiinam na mga damit, pinaka maiinam na mga damit. Ang pinaka maiinam na manamit na mga tao sa buong mundo ay ang mga Amerikano. Ang pinaka sagana sa kain na mga tao sa buong mundo ay ang mga Amerikano. Nagmamaneho sila ng pinaka kalidad na mga sasakyan sa buong mundo. Sila nga ang pinaka maraming pera sa kaninuman sa buong mundo. Ganoon nga. Nasa atin ang pinaka maiinam na bagay sa buong mundo. Nasa atin ang ilan sa pinaka magagandang mga simbahan sa buong mundo. Nasa atin ang ilan sa pinaka mahuhusay na mga tao sa buong mundo. At gayumpaman, sa kabila ng lahat ng 'yun, itong bansa sa kabuoan, ay unti-unting lumilihis mula sa Diyos, dahil isinasalig natin ito sa mga indibiduwal, isinasalig natin ito sa mga denominasyon, isinasalig natin ito sa mga bansa.

96 Dito di pa katagalan, tinanong ko ang isang lalaki, sabi ko, "Isa ka bang Cristiano?"

97 Sabi niya, "Sige't ipauunawa ko sa iyo nang malaman mo na isa akong Amerikano. Kabilang ako sa isang Cristianong bansa." Buweno, wala ngang iba pang ibig sabihin 'yun kundi wala 'yung maidudulot.

Sa isang babae noon, sabi ko, "Isa ka bang Cristiano?"

98 Sabi niya, "Sige't ipauunawa ko sa iyo nang malaman mo, ginoo, nagsisindi ako ng kandila hanggang maupos gabi-gabi."

99 Ano ngang maidudulot ng marami ka mang kandilang masindihan hanggang maupos? Ano ang maidudulot ng gaano mang kabuti ang pamumuhay mo sa bansang ito? Ano ang maidudulot saan ka mang iglesya kasapi? "Maliban na ang isang tao'y maipanganak muli sa Espiritu ng Diyos, ay di niya makikita ang Kaharian ng Diyos." Hayan nga ang babala sa ilalim ng ating Panginoong Jesus Cristo.

100 Mga kaibigan, di n'yo marahil nalalaman kung gaano ko kayong kamahal mismo. Di n'yo marahil napagtatanto na sa tuwing ako'y. . . haya't di ko nga kayo para bang pinagagalitan dahil lang sa nakatayo ako rito sa pulpito; masyado ko kayong minamaliit kung ganoon.

101 Pero ang bagay na gusto ko ngang sabihin sa inyo: Kayo nga'y binalaan na ng Ebanghelyo! Lumikas kayo patungo kay Cristo! Isantabi n'yo muna ang ibang bagay! Huwag n'yo nang hintayin si Binibining Jones. Huwag n'yo nang hintayin na maunang mangyari muna 'yun sa iglesya. Simulan n'yo na mismo sa sarili n'yo, ngayon pa lang. Dahil baka dumating ang oras na ituturo ka na ng Diyos na maging alipin ka na nang buong buhay mo, patungo sa kasalanan na gumapos sa inyo nang matagal na panahon. Kahit na ano pa ang kapalit nito!

102 May nagsabi, di pa katagalan, ang sabi, "Pero, Kapatid na Branham!" Ang tao ngang ito'y tunay raw siyang sinsero, pero ang kinabubuhayan ng taong ito, ay buhay sa kasalanan. "Oh," sabi, "Sinsero po ako. Nananampalataya po ako sa Panginoong Jesus Cristo."

103 Sabi ko, "Kung sinsero ka, ay patunayan mo na sinsero ka talaga. Bitiwan mo na 'yang kasalanan na kinabubuhayan mo."

"Oh," sabi, "naku, masyado po kasing mabigat gawin."

Sabi ko, "Akala ko ba sinsero ka."

104 Sasabihin n'yo, "Buweno, may gawi kasi akong *ganito*. May gawi kasi akong *ganoon*." Pero ang pinaka mahalagang gawi na magagawa mo'y ang lumapit kay Jesus Cristo, sa kabila ng anupamang bagay na gawi mo. Ano pa bang mas importante kaysa sa—kaysa sa maipanganak na muli?

105 May pagkabatid ang bawat isa sa inyo na balang araw kayo nga'y magiging bungo na lang at sangtumpok na mga butong inihimlay sa ilalim ng lupang luwad dito. Kung gaanong tiyak na tiyak na nakaupo ka rito ngayong gabi, ikaw nga'y patungo roon. Siyanga. Gaanong kasinsero ka ba dapat kung ganoon? Nakukuha n'yo ba ang ibig kong sabihin? Marahil patungo ka na nga roon isang oras mula ngayon. Sa ganitong panahon din sa susunod na taon, marahil wala na ni kapiraso man ng laman na nakakabit sa iyong mga buto, sa mga susunod na labing-dalawang buwan. Marahil wala na ni katiting na buhay man sa loob ng katawan mo, sa mga susunod na dalawampu't limang minuto. At hayan nga na mula sa oras na 'yan, hanggang sa ang walang katapusang kapanahunan ay mawala na, di na umiral. Yang kalagayan mong 'yan nung maparoon ka, ay 'yan ka na magpakailanman.

106 Kaya kung sala ka sa init sala sa lamig, kapatid, 'yan nga'y mapanganib na situwasyong mapaglalagyan mo, 'yang pagiging sala mo sa init sala sa lamig. Sinabi ni Jesus, "Maging mainit o dili kaya'y malamig. Maging naninindigan sa Akin, nang buong puso mo, o dili kaya'y laban sa Akin." Kung basta mainam na buhay lang ang ipinamuhay mo, di nga 'yan ibinibilang. Yang iyong animo'y basahan lang na pagiging matuwid sa ganang sarili'y di nga makatitindig sa Araw ng Paghatol. Siyanga.

107 Sasabihin mo, "Buweno, kabilang naman ako sa iglesya." Wala nga 'yang kinalaman dito. Naniniwala ako na kailangan mo rin namang maging kabilang sa iglesya, mainam 'yan, pero wala nga 'yang kinalaman sa kaligtasan.

108 Gaya ng nabanggit ko kaninang umaga, na may isang lalaki na kung saan-saan na siya nagpunta, para masumpungan lang si Jesus Cristo; Siya'y naroon na pala sa puso niya. Yung mga bagay-bagay na ginawa niya, pagsigaw at pagsasalita ng iba't ibang wika, at iba pa, 'yung mga bagay na 'yun ay kay iinam, pero ang mga 'yun ay mga bunga lamang ni Cristo na naroon

pala sa loob sa simula't sapul. Kita n'yo? Kinakailangan n'yong mailagay muna si Cristo sa loob dito, pagkatapos 'yang ibang mga bagay na 'yan ay iiral. Pero magagawa mo rin naman 'yun, nang wala si Cristo, at haya't nasa anong klaseng kinasadlakan ka kung ganoon?

109 Ngayon, haya't nakakita na ako ng mga pagano na sila'y nakasisigaw din naman. Siyanga. May nakita na akong mga tao na lumilibot sa iba't ibang dako at nagpapamalas ng kung anu-anong mga kakatwang bagay, hanggang sa kayo, kayo nga'y mapapaniwala sa kung anu-ano. Magpapalabas ng lubid mula sa isang sako, nang *paganoon*, gagawan 'yun ng kung anong hokus-pokus, at 'yung lubid ay tatayo ng diretso sa hangin. Maglalabas ng malaking kobra, at susugod-sugod 'yun, para malaman kung may pangil ba 'yun o wala; tatakluban 'yun ng basahan, at lalantad 'yung mga pangil nito na nakausli dun sa gilid ng basahan. Babaling sa isa na naman, at tutugtugan 'yun ng kaunting tugtog, at may iuusal na kung ano, at palilingkisin 'yun sa palibot ng leeg niya. Yung kobra nga'y nakatitig lang sa kanya, parang nakaambang susugod, at pagkatapos pipigilan. Bawal ngang lapitan; mapapatay ka nun.

110 At nasaksihan ko mismo sila na tumayo roon at naglakad-lakad sa ibabaw ng latag ng apoy, na katatapos lang mag-apoy ng mga uling dun. Huhubarin anumang suot nila sa paa, tapos lalakad mismo sa nag-aapoy na mga uling na wala man lang nangyayari sa kanila, di nakakatamo ng pinsala. Pupunta sa isang malaking hawla, na may durog-durog dun, na bubog sa buong paligid, at nakausli-usli pa nang *paganoon*; tatakbo't magpapatalon-talon at hihiga't magpapagulong-gulong nang magpagulong-gulong nang magpapagulong-gulong, at tatayo, na wala man lang hiwa na natamo roon sa katawan; lulundag palabas dun. Pananampalataya nga 'yan, pero, kapatid, di 'yan kaligtasan. Hindi, po. Oh, grabeng, katusong pamamaraan ang ginagawa ng diyablo para dayain ang mga tao.

111 Ang kaligtasan ay indibiduwal na pakikipag-ugnayan sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat, sa pamamagitan ni Jesus Cristong Panginoon.

112 Oh, ang kailangan natin ngayong gabi, mga kaibigan, ay isa sa mga makalumang pagtitipon na ito na meron tayo maraming taon na ang nakalilipas, para sumuyod sa buong bansa. Kung saan, ang mga tao sa kanila ngang pag-uwi, itutuwid nila ang kanilang sambahayan, itataboy nila palabas ang mga—ang mga kasamaan mula sa kanilang tahanan, ihihinto nila ang mga bagay na walang kabuluhan na nasa loob ng kanilang tahanan. Lahat at bawat isang tahanan, lalagay nga sila sa tuwid na daan. At ititigil nila ang hamak nilang ugali. Ititigil nila ang pandaraya nila. Ititigil nila ang pagsisinungaling nila. Mamumuhay sila nang tapat at may kahinahunan sa isa't

isa; mamumuhay kung papaano ba dapat mamuhay ang mga Cristiano. Yun ang dapat na uri ng relihiyon.

113 At, ngayon, ang . . . 'yung siya ring uri ng relihiyon na taglay natin, ito nga'y nagsanga-sanga at nagsanga-sanga hanggang sa humantong na sa kalagayan na ito'y nakamolde na't isa nang Hollywood na palabas, halos. Ngayon, alam n'yong totoo 'yan. At nagpupunta pa nga tayo sa isang lugar, maglalagay dun ng malaking banda ng tugtugin, at tutugtog ng tugtugin, at sige sila, at kikilos na parang, kunwaring, mga Cristiano. Pero sila nga'y lapitan n'yo minsan at makipagtagpo ka sa isa minsan, at tingnan n'yo kung anong makukuha n'yo. Kita n'yo?

114 Ang Cristianismo'y pagpapahinuhod, kabutihan, kaamuan, kagandahang-loob, pagtitiis. Tama po ba? "Si Cristo, noong Siya'y alipustahin, hindi Siya gumanti." Tama po ba? Ang Cristianismo ay ang buhay na ipinamumuhay ng isang tao. Isa itong personal na karanasan. Hindi . . .

115 Pero may ilan na magsasabi, "Heto ang isang lalaki *rito*, alam ko na nagagawa ng taong ito ang bagay na *ganito*. Alam ko na nagagawa niyang—nagagawa niyang makapanalangin sa mga maysakit at sila'y gumagaling." Di ibig sabihin nun ay isa na siyang Cristiano agad. Nagagawa kasi ng pananampalataya ang anumang bagay.

116 At kung masusubukan n'yo lang na makapunta sa lugar na 'yun, bilang mga Cristiano, na munting grupo natin dito sa tabernakulo, na lahat kayo, kung masusubukan n'yo lang na masaksihan 'yung mga salamangkero't mga mangkukulam na gumagawa rin ng mga himala. Siyanga't, gumagawa rin sila.

117 At meron din sila ng lahat ng pagpapamalas na nagagawa ng Cristianismo, pero di nga sila matatawag na mga Cristiano. Tingnan n'yo na lamang ang kanilang buhay, kung anong mga ginagawa nila.

118 Yung mga taong 'yun dun ay nakikisama sa ibang babae, na ang pangangalunya, ay relihiyon nila, at ang siya ring mga tao na ito ay gumagawa ng mga tanda't mga kababalaghan. Pero hindi sa . . .

119 May isang bagay nga sila na di nila kayang gawin. May isa ngang bagay na di ko nakikita sa sinumang mangkukulam o iba pa na nagagawa nila. May kakayahan sila na magpamalas ng mga himala, katulad na lang ng patatayuin nang diretso ang lubid na ito. Nakakaya nilang tumakbo sa ibabaw ng apoy, na ini-engkanto ang apoy. At haya't nagagawa nila ang mga 'yan. Pero di nila kayang pagalingin ang mga tao. Nakakapagtaka nga 'yun. Nagagawa nilang maglagay ng kulam sa mga tao, at pupunta ang sakit sa tao. Pero di nila kayang alisin ang sumpa na 'yun, at pagalingin ang mga tao.

120 Ganoon na ganoon na 'yun noon pa man sa panahon ng Biblia. Noong nakipagtuos sina Janes at Jambres kay Moises,

haya't kaya nilang magbunsod ng mga sugat at bukol, pero di nga nila kayang alisin 'yung mga 'yun. May kakayahan silang magpabunsod ng mga langaw at mga kuto, pero di nila kayang alisin 'yun. Sapagkat, ang Panginoon ang Siyang tanging Isa lamang na nakakapagpagaling sa mga maysakit. Magagawa nilang sumayaw sa espiritu, maraming beses na nakita ko na silang ginawa 'yun. Magagawa nga nila ang lahat ng iba't ibang klase ng pakana, pero di nila kayang pagalingin ang maysakit, o di rin nila kayang mamuhay ng Cristianong pamumuhay. Yun nga ang isang bagay na di nila kayang gawin.

121 At kaya isa talaga itong pang-indibiduwal na bagay, sa bawat lalaki at bawat babae. Haya't nakikita natin ang lahat ng mga bulaang bagay na ito na naglipana. At sinabi ng Biblia, na, "Ang dalawang espiritu'y magiging napakalapit, sa huling mga araw, na anupa't kung maaari'y iligaw nito pati ang mismong mga Hinirang." Siyanga. "Mga bulaang Cristo, mga bulaang espiritu na nagsisilitawan, nagpapakita ng mga tanda, inililigaw ang marami." Siyanga. Pero, "Kilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig. Sa iba'y di sila susunod." Oh, grabeng panahon talaga ito na kinabubuhayan natin! At ang panahon ng jubileo ay halos malapit nang magtapos.

122 Pakinggan mo ito, kaibigan, sa gabing ito, kung narito ka na di pa kamit si Cristo, at di mo Siya kilala. . . Siguraduhin mo sa puso mo mismo, 'yung positibong-positibo ka talaga, na walang anino man ng pagdududa na si Cristo'y mapariyan sa puso mo, mainam nga 'yan. Pero kung sasabihin mo, "Buweno, Kapatid na Branham, nagawa ko naman na noon na mabagbag talaga't umiyak minsan noong dumulog ako sa altar." Huwag mong pagsaligan 'yan. Sasabihin n'yo, "Buweno, mabanggit ko lang ito sa'yo, Kapatid na Branham, ako—ako nga'y nagtamasa ng maluwalhating panahon, isang beses. Nakapagsayaw pa nga ako sa Espiritu, sa buong paligid." Huwag mong pagsaligan 'yan. Kita n'yo? Sasabihin n'yo, "Buweno, nanalangin ako noon para sa isang lalaki, minsan, siya'y gumaling." Huwag mong pagsaligan 'yan.

123 Ang bagay na dapat mong pagsaligan, ay kapag nabatid mo nang nariyan na si Cristo sa iyong puso, na sa oras na dumating ang mga matitinding pagsubok at kagulumihanan, nananatili pa rin Siyang kaibig-ibig sa iyo. Magpapatuloy ka pa rin sa paglakad. Lahat man ay parang hahantong sa di maganda, at ang lahat ay para bang laban sa iyo, at lahat ay nakadiskaril nang paganito, haya't nananatili ka pa ring kaibig-ibig at kalugud-lugod. Na lahat ay ayos lang. Sige patuloy lang. "At kayo, ng inyong espiritu, ay nagpapatotoo kasama ng Kanyang Espiritu, na kayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos." Kung di 'yan umaalingawngaw sa puso mo, ngayong gabing ito, kaibigan, huwag ka nawang matatakan

palabas ng Kaharian ng Diyos. Magsikap tayo na makapasok sa Kaharian ng Diyos.

124 At kapag ang isang tao ay namarkahan na sa Kaharian ng Diyos, siya'y selyado na hanggang sa dulo ng paglalakbay niya. "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa pamamagitan Niya ay kayo'y tinatakan na hanggang sa Araw ng iyong Pagkatubos."

125 Ngayon, mayroon nga tayong isang matandang kagawian ng pagtatawag para sa pagdulog sa altar. Purihin ang Diyos para roon. Isa 'yang mainam na matandang bagay na sinimulan ng iglesyang Methodist maraming taon na rin ang nakararaan. At ito nga'y. . .Mainam po 'yun noon; mainam pa rin maging ngayon.

126 Pero di naman kailangan na pumarito pa kayo sa may altar para maging Cristiano. Di nga nila ginagawa 'yun sa panahon ng Biblia. Ibinibilang lang nila sila na mga mananampalataya. Di sila nagsasagawa ng pagtawag sa pagdulog sa altar, sa kahit isa mang pagkakataon, doon sa panahon ng mga apostol, wala pong pagtawag sa pagdulog sa altar. Ang sabi nila dun, "Bawat isa na sumasampalataya ay nabautismuhan." Tama po ba? Sila nga'y naging mananampalataya sa ganoon.

127 Kapag kayo'y buong-buong kumbinsido na si Jesus Cristo ang Anak ng Diyos, at nariyan mismo sa inyong puso, ngayon, hindi nga basta sa inyong imahinasyon lang, pero, nasa inyong puso mismo, na may Bagay na umaalingawngaw riyan, at ang sabi, "Ngayon ako'y ligtas na," 'yan mismo ang kailangan n'yo, hayan nga, kapatid. Ipahayag mo ito, at ipamutawi mo talaga ang iyong pagpapahayag. At pagkatapos masdan n'yo; masdan n'yo ang buhay n'yo mula sa oras na 'yan. Kung papaanong di nakakapamunga ang isang mais ng matinik na damo, haya't ang tao na 'yan ay di makakapamunga ng masasamang mga bunga. Magbubunga't magbubunga siya ng mabubuting bunga.

128 Sinabi ni Jesus, "Ang nakikinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan, at di darating sa kahatulan; kundi lumipat na mula sa kamatayan patungong Buhay." Dahil nga 'yan sa kayo'y nanampalataya, di imahinasyon, kundi nanampalataya kayo Rito. Naging diwa ito sa loob ng puso n'yo. Ang kasunod, ay inihahayag n'yo Ito bilang isang pagpapahayag ng pagkilala. "Ang kumikilala sa Akin sa harapan ng mga tao, ay kikilalanin Ko sa harap ng Aking Ama at ng mga banal na mga Anghel." Tapos may bagay nga na aangkla na. Yan ang realidad.

129 Pero 'yung pagkakaturo sa atin noon, kaibigan, 'yun nga ang nagpalihis sa atin nang kaunti mula sa pagkakalinya. Ang naituro kasi sa atin noon, itinuro ng mga Methodist, nung una, sabi nila, "Kapatid, kapag humantong na sila sa punto na sila'y nakakasigaw na, sila'y nagkamit na ng pagbabanal, ay 'yun na

’yun mismo.” Pero, masusumpungan mo na lang, na di naman mabuti ang kinalalabasan nun. Siyanga.

130 Doon sa punto na ang mga Nazarene ay nakakasigaw, at naitataas nila ang kanilang mga kamay, na paroo’t parito ang takbo sa pasilyo, sinasabi nga nila, “Ito na ’yun.” At marami nga sa kanila na nakasigaw at nakatakbo nang paroo’t parito sa pasilyo, pero lumalabas at ipinamumuhay ang anumang uri ng buhay na naisin nila, kaya napagtanto nila na di Ito ’yun.

131 Dumating ang Pentecostes, noong panahon na sinimulang ipanumbalik na ng Diyos ang mga kaloob, sa iglesya, sila’y nagsimulang makapagsalita ng iba’t ibang wika. Sabi nila, “Ito na ’yun. Itong Ito na ’yun. Sadyang nakamit na talaga natin.” Pero nasumpungan nila na di pala nila natamo Ito. Siyanga. Sila’y nakapagsasalita ng iba’t ibang wika’t ang ipinamumuhay naman ay kung anu-anong klaseng buhay.

132 Kapatid, mahalaga, na maging tiyak! Ngayon, ayos lang naman ang pagsigaw. Naniniwala ako sa pagbabanal; siyanga, po, pero di sa ganang akin, kundi sa Kanya. Kita n’yo? Tama. Hindi sa sarili kong kabanalan, kundi Kanya. Kapag Siya, ang Espiritu Santo, ay inilagay ang mismong kabanalan Niya roon, ito’y Kanyang kabanalan mismo, hindi akin. Makasalanan ako, pero Siya ang Panginoon.

133 Ngayon, naniniwala ako sa pagbabanal, naniniwala ako sa pagsigaw, naniniwala ako na ang isang tao na naipanganak na muli’y magpapakita ng ilang mga pagpapamalas. Ganoon nga. Naniniwala ako sa pagsasalita ng iba’t ibang wika. Naniniwala ako sa pagsasalin nung wika. Naniniwala ako sa pagpapagaling sa mga maysakit. Naniniwala ako sa pagsasalita ng propesiya. Naniniwala ako sa paggawa ng mga himala. Pero ang lahat ng mga bagay na ’yan ay mga bagay na lumalakip matapos na inyong tanggapin ang Panginoong Jesus Cristo.

134 Madalas pinagpipilitan nating sabihin, “Kapag nakasigaw siya, natamo niya Ito. Kapag nakapagsalita siya ng propesiya, natamo niya Ito.” Pero di nga sa ganoon na masasabing natamo niya mismo. Yung kamtin ang isang mansanas mula sa puno, di nga ibig sabihin nun kinamit mo na rin ang buong puno. Kita n’yo? Ang nakamit n’yo riyan ay ’yung bunga ng puno. At diyan nga nagkakaroon ng kalituhan. Pero kapag si Cristo’y mapasa puso, lahat ng iba pang mga bagay na ito ay kusang lalantad.

135 Katulad na lang ngayon na parating ang taglamig. Lahat ng mga puno’y maglalagas ng kanilang mga dahon maliban sa puno ng encina. Pinapanatili nito ’yung mga dahon niya. Kapag dumating na ang tagsibol, ang mga ’yun ay lumang patay na mga dahon na. Di mo nga kailangang akyatin ’yun at isa-isahin na pitasin ang mga dahon para umusbong ’yung mga bagong dahon. Hintayin n’yo lang ’yung bagong buhay na umakyat, at

’yung mga lumang dahon ay malalagas at uusbong na ’yung mga bagong dahon.

Ganyan na ganyan din ito sa Cristianismo.

136 Ang tanggapin si Jesus Cristo, di nangangahulugan. . .May narinig akong mga tao na nagsasabi, “Buweno, luwalhatiin ang Diyos, dati akong palamura. Grabe akong magmura noon na magigitla ko ang isang tao hanggang sa malaglag ang sumbrero niya. At huminto na ako sa pagmumura, haya’t alam ko na isa na akong Cristiano.” Hindi, hindi sa ganyan n’yo, na sa ganoon. Hindi, po. “Dati akong palainom, at huminto na ako sa pag-inom.” Mainam na bagay ’yan. Pero kagandahang-asal ’yan, na *inyong* inihinto.

137 Pero ang tanggapin si Jesus Cristo ay ang tanggapin ang Kanyang Persona sa puso mo. Ibubunsod ka nito na mamatay sa mga bagay ng sanlibutan, at si Cristo na ang nabubuhay sa loob mo. Kita n’yo? Haya’t maaaring nagawa mo nang huminto sa pag-inom pero di ka pa rin isang Cristiano. Nagawa mong sundin ang Sampung Utos pero di ka pa rin isang Cristiano. Dahil, kung maililigtas ka ng Sampung Utos, anupa’t namatay pa si Jesus. Pero namatay nga si Jesus nang sa gayon Kanyang mapagkalooban kayo ng walang hanggang Buhay. At ’yun nga ito, ang Espiritu Santo’y dapat na manahan sa iyo; hindi nga sa pagsunod sa mga utos o paggawa ng mga bagay-bagay, o para bang ganoon. Mga gawa po ’yan. “Di sa pamamagitan ng gawa kung bakit kayo’y naligtas; kundi sa biyaya kayo’y naligtas, sa pamamagitan ng pananampalataya.”

138 Kaya naman kung, sa inyong puso, ay natanggap n’yo ang Panginoong Jesus, kayo’y ipinagkasundo na sa Kanya. Haya’t matyagan n’yo, ang buhay n’yo. Sasabihin ko nga sa inyo kung anong klaseng Cristiano ang gusto kong makita. Kapag lalakad sila sa kalsada, sasabihin ko, “Ngayon, tingnan mo, nakikita mo ba ang lalaking ’yan na dumadaan doon? Ngayon, isa nga siyang Cristiano. Di man ako miyembro ng iglesya niya, pero, kapatid, isa nga siyang Cristiano. Sinasabi ko mismo sa iyo, nakita ko na siya nung nasa kagipitan siya. Nakikita mo ang babae na ’yan diyan? Siyanga, po. Buweno, siya ma’y marahil di popular sa kalagitnaan ng mga kababaihan, pero isa siyang Cristiano. Sinasabi ko sa iyo, isa siyang Cristiano.” Ibunsod n’yo ang buong bayan na magsabi, “Heto ang isang Cristiano.” Makikilala’t makikilala nila. Sinabi mismo ng Biblia na kayo’y natatakan na.

139 Nakakita na ba kayo ng kapag may inilagay silang tatak sa isang bagay? Ipupuwesto nila ’yun nang *paganito* at lalagyan nila ng tatak sa ibabaw. Didiinan nila. Magkabilaan ’yun.

140 Makikita ka nila na parating, at makikita mismo ang lakad mo kung saan. Tama po ba? Isa kang Cristiano, sa loob at labas na magkabilaan, tinatakan ng Espiritu ng Diyos. Makikilala ka

nila kung ano ka. Siyanga. Nakamarka ’yun nang madiin, isang tanda, isang pagtatatak. Eksaktong katotohanan ’yan. Ngayon, ’yan nga’y kapag natatakan ka na sa Kaharian ng Diyos.

141 Kung ang isang dokumento ay natatakan na nang legal, ng notaryo, at ang pangalan niya’y nakalagda na roon, ’yun nga’y legal hangga’t nakadokumento ’yun, kapatid. Siyanga. Tama po ba ’yun?

142 At kapag ang isang tao’y naipanganak na sa Espiritu ng Diyos, di lang basta kunwang-pananampalataya bagkus tunay na puspos ng Espiritu ng Diyos, Kanyang tinatakan na ang tao na ito hanggang sa Araw ng kanyang katubusan. Siya’y kagaya na ni Cristo, sa araw na ito; siya’y kagaya ni Cristo, sa araw ng bukas; siya’y kagaya ni Cristo, sa kasunod mang araw. Sa mga pagsubok, siya’y kagaya ni Cristo pa rin; sa suliranin, siya’y kagaya ni Cristo; sa kagutuman, siya’y kagaya ni Cristo; sa kagalakan, siya’y kagaya ni Cristo. Saan man n’yo makita ang lalaki o babaing ito, sila’y kagaya nga ni Cristo, dahil sila’y natatakan na ng Espiritu Santo. Nakikita n’yo po ba ang ibig kong ipahiwatig? Hindi ’yan sarili n’yong espiritu.

143 Kapatid na lalaki, kapatid na babae, huwag na kayong magpatumpik-tumpik pa sa Diyos nang matagal, dahil baka dumating na ang oras na ito na ang panahon ng jubileo ay nakalampas na pala sa inyong pintuan. Ang kasunod na nga’y dadalhin na kayo roon sa poste ng diyablo, tapos tatatakan na kayo sa tainga at di n’yo na maririnig pa ang maluwalhating Ebanghelyo na ito kahit kailan. “Anong ibig mong sabihin?” Wala nang saysay Ito sa inyo. Alam n’yo ba kung ano ba ang pamumusong sa Espiritu Santo? Ang tanggihan Ito. Siyanga.

144 Kailan sila namusong sa Espiritu Santo? Noong tanggihan nila si Jesus Cristo. Tinawag nila Siyang Beelzebub. At dun sa mga mismong mga gawa na Kanyang ginagawa, ang puna nila, “Nagagawa Mo ’yan sa pamamagitan ni Beelzebub.” Sinabi ni Jesus sa mga kalalakihang ’yun, na, ano ba itong nagawa nila. Pero di sila naniwala, sa Kanya.

145 At kapag ang isang tao’y tatanggi na sampalatayanan ang Katotohanan sa panahong ang Katotohanan ay ipinakilala na sa kanya, at tatanggi siya na sampalatayanan Ito, hayan nga’t tapos na roon. Walang pasubali ’yan.

146 Kaya kung di n’yo napagkikilala ang Panginoon sa gabing ito, na anupa’t nakasalig lang diyan sa kung anong munting karanasan na mayroon ka. Kung di n’yo pa napagkikilala ang Panginoon bilang ang kaibig-ibig, na mabuti, na mapagmahal na Tagapagligtas; maaari po ba, ngayong gabi, na gawin n’yo na ngayon? Di n’yo kailangang lumapit pa rito sa altar; pero puwede po kung gusto n’yo. Pero kung hindi n’yo Siya mismo napagkikilala . . .

147 Pakinggan n'yo po ako pansumandali lamang, kung ako nga'y nakakasumpong ng kaluguran sa inyong paningin, bilang inyong kapatid, kung naniniwala po kayo na ako'y Kanyang lingkod. Ngayon, inilalagay ko nga ito nang medyo personal, pero ginagawa ko po ito para sa isang mabuting kadahilanan. Kung naniniwala kayo na ako'y may pakikipag-ugnay sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat, kung naniniwala po kayo riyan, pakinggan n'yo po ako ngayon. Huwag n'yo nang hintayin na sikatan pa kayo ng araw bago aangkla ang isang espesyal na bagay sa inyong puso, na kayo'y isang Cristiano, na kayo'y may pakikipagkasundo na nang may kapayapaan sa kaaway n'yo, na may pakikipagkasundo na kayo nang may kapayapaan sa Diyos.

148 "Kaya't yamang tayo'y inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, ay ipinagkasundo tayo na may kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo." Mga Taga-Roma 5:1. "Kaya't yamang tayo'y inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, ay ipinagkasundo tayo na may kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo."

149 Kung may pagkapoot ka laban sa isang kapit-bahay, laban sa isang tao na nakagawa sa iyo ng masama, at 'yung tao na 'yun ay nakagawa sa iyo ng masama; kung ikaw, sa puso mo, ay hindi mo magawang ibigin ang tao na 'yun, huwag na huwag kayong lalagi sa pakiramdam na 'yan. Kinakailangan n'yong ibigin ang mga di sa inyo umiibig. Kung ang iniibig n'yo lang ay 'yung mga umiibig sa inyo, ganoon din naman ang ginagawa ng mga makasalanan. Pero kinakailangan n'yo, ngayon, na di 'yan pag-akto na katulad ng isang relihiyosong pag-akto lang, bagkus kinakailangan na nanggagaling mismo sa inyong puso na gagawin n'yo ito.

150 Heto nga't hiniling ko sa inyo na manalangin kayo para sa akin, nung isang araw, o kaninang umaga ba 'yun, para sa akin. Masyado ko ngang pinupuna ang mga tao, sa pamamaraan ng pananamit ng mga kababaihan, at mga bagay na gaya nun. Di ko po gustong maging ganoon, mali po 'yun. Ngayon sinasabi ko na nga sa inyo, dito mismo, na mali ako. At heto rin na may nakikita akong mga ministro na humahayo at may mga bagay silang ginagawa na wala sa Kasulatan, at sinasabi ko, "Ngayon mali 'yan." Sino ba ako para husgahan sila? Ang Diyos nga ang kanilang Tagahusga. Alisin nawa ng Diyos ang espiritu na 'yan mula sa akin. Ako nawa'y maging kagaya ng Panginoong Jesus. Nang sa gayon . . .

151 At kung . . . heto't totoo po ito, mga kapatid ko, pakinggan n'yo, na darating ang araw, darating ang araw, mawawalan ka na ng pagkakataon na makapunta sa simbahan kahit kailan.

152 May mga pagkakataon nga na nasa pagbibiyahe ako at sa pagbalik ko, sasabihin sa akin ng maybahay ko, "Alam mo ba na si *Ganito-at-ganoon*?"

"Ano raw."

"Alam mo ba na namatay sila noong isang araw?"

153 Dito nga, may matagal na po akong kaibigan, na kalaro ko noong araw, nung batang paslit pa lang ako, si Will Edgar King. Kaibigan na matalik ko siya, mula nung batang paslit hanggang sa tumanda. Matagal kaming nagsama. Nagkasama kami sa pagtulog. Lumaki kami, magkasamang namimingwit ng isda, haya't mga batang paslit kami noon, at hanggang sa pagtanda. At habang nasa ibayong-dagat ako noon . . . Heto ang isang batang-bata pa, matangkad na bata pang lalaki na noo'y pinagaling na minsan, sa Makalangit na pagpapagaling, haya't siya'y naglalakad lang noon at bigla na lang namatay sa atake sa puso. Sinong mag-aakala, "si Will Edgar King"? Nasa walo o sampung taon na mas bata sa akin, matangkad, na batang-bata pa talagang lalaki, mga nasa sangdaan at walumpung libra ang timbang, naglalakad lang noon, larawan mismo ng mabuting kalusugan; batang-bata pang lalaki na may butihing munting maybahay, tatlo o apat ang anak, at bigla na lang bumulagta. Siya ang pangunahing tagabili para sa lahat ng malalaking pamilihan sa timog. Napakaganda ng katungkulan sa trabaho, maayos ang tahanan, maayos ang pamilya, pero bigla na lang kinuha nang *ganoon*. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang mga daliri—Pat.]

Kapatid, ang Diyos . . . Ang kaluluwa niya'y nasa kamay na ng matuwid na Diyos na magpapataw sa kanya ng nararapat lamang na paghatol.

154 Heto nga tayo na nakaupo rito, ngayong gabi. Ang Diyos lamang ang nakakaalam kung nasaan tayo bukas ng umaga. Ngayon, kung di pa kayo naiwawasto sa Diyos . . . Habang tayo ay mananalangin, diyan nga mismo sa puso n'yo ngayon; di po sa akin, di po sa mga tao, pero sa puso n'yo, sa harap ng Diyos, sabihin, "Panginoong Jesus, ako po'y nagpapahapay-hapay. Pero, ngayong gabi, nararamdaman ko nga sa puso ko na ito na mismo ang sandali na may pagnanais na ako na tanggapin Ka nang buong-buo bilang aking Tagapagligtas. At mula ngayon, sa pamamagitan ng Iyong biyaya, ako'y tutuon nang diretso sa Kalbaryo, at lalakad nang tuwid sa Cristianong buhay."

Manalangin tayo.

155 Makalangit na Ama, na Siyang iniibig at pinagtitiwalaan namin, na may pagkabatid, bilang ministro, nagmiministro, na nagmiministeryo ng mga espirituwal na bagay na ito sa mga tao, na nakatayo rito ngayong gabi sa pagitan ng mga buhay at mga patay, na may pagkabatid, na balang araw, ay ni anino ng pasubali ay wala, na tiyak na may pananagutan ako sa bawat salita, sa Luklukan ng Paghatol ni Cristo. Nakikita ko po ang mga kalalakiha't mga kababaihan dito, kalugud-lugod na mga

tao, na ginagawa nila ang anumang bagay na hinihiling ko sa kanila na gawin, Ama. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . na nakikita na may ilan na nangangailangan, at mabuti ang puso. Ngayon, Panginoon, napaka hirap po, bilang tao, na tulad din naman nila, na ipangusap ang mga humihiwang mga salitang ’yun, na, kinakailangan nilang tanggapin si Cristo o kung hindi ay matatakwil.

156 Ama, ipinapakita lang n’yan sa amin na may busilak akong, Makalangit na pag-ibig, para sa kanila, at di isang bagay na magpapahamak sa kanila, bagkus isang bagay na sa kanila’y iibig, Magpasawalang Hanggan. Haya’t inaalok ko po sa kanila ang Iyong Anak, ang Panginoong Jesus, na Siyang tatayo sa lugar nila sa Araw ng Paghatol.

157 Ama, dalangin ko po na Iyong tatanggapin ang bawat isa. Di na po hiniling sa mga narito na itaas nila ang kanilang mga kamay. Pakiramdam ko na kahit di ko na sabihin, pero haya’t nararamdaman ko na marami rito, Ama, ang nagnanais na makapaglakad papalapit sa Iyo. Nagnanais silang maisuko ang kanilang sarili, at kanilang ginagawa na ito mismo ngayon. Sa pamamagitan ng pananampalataya, sinasampalatayanan ko po ito, Panginoon, na kanilang isasantabi nang walang liwag ang bawat munti mang pasan, at magsasabi, “Mula sa gabing ito, yamang nakikita ko na ang buhay ay napakarupok, hayan nga, parang walang kabuluhan, kaya ninanais ko na magugol ang lahat ng mayroon pa ako para sa Panginoong Jesus.” At, Diyos, Iyo pong ipagkaloob ito, mula sa gabing ito, na malakaran nila ang tahakin na ’yun.

158 At pagkatapos, Ama, nawa ang siya ring mga taong ito na lalakad dito at makikibahagi sa komunyon, ngayong gabi, ang pinagputol-putol na katawan ng Panginoong Jesus Cristo. At kaya kami . . . Kung gagawin nila ang bagay na ’yan nang taos ang puso, Iyong sinabi na Iyong ibabangon sila sa huling Araw at bibigyan sila ng walang hanggang Buhay. Iyong ipagkaloob ang mga bagay na ito, mabuting Ama, sapagkat hinihiling po namin ang mga bagay na ito sa Pangalan ni Jesus, na Iyong Anak. Amen.

159 Di ko na tatanungin kung ilan sa inyo ang nagsuko na ng inyong buhay, pero naniniwala ako na marami sa inyo. At, ako man, ay ginawa ko sa puso ko, “Panginoon, Iyo pong iwaglit ang mapagpunang espiritung ’yun mula sa akin.”

160 Ngayon, di po ako namumuna ng mga tao, nang harapan sa kanila, pero sa puso ko ay nagagawa ko. Kapag may nakikita akong binibini na naglalakad sa kalsada, lalong-lalo na *’yun*, at makikita ko na di siya nakapanamit nang wasto, sasabihin ko, “Di ba’t napakasama nun?” Sa puso ko; di ko ’yun sinasabi, nang harapan dun sa tao. Kung tutuusin, nasa kanya na ’yun, mayroon siyang malayang pagpili. Pero wala siyang karapatan

na gawin ’yun; binili ni Cristo ang buhay niya; pero siguro’y wala lang siyang pagkaunawa tungkol dun.

161 Kaya, di dapat ako sa sarili ko ang mamumuna; ang Diyos ang hayaang gumawa nito. Sa tuwing narito ako sa pulpito, ipinapangaral ko ang Ebanghelyo sa abot ng makakaya ko, at ang iba pang bagay ay itinatagubilin ko sa Diyos. Pagpalain kayo ng Panginoon, mga kaibigan.

162 Ngayon magkakaroon tayo ng gawaing pagkokomunyon, sa loob ng ilang minuto. Ilan po ang naniniwala sa komunyon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Salamat. Bagay ’yan na hiniling sa atin ni Jesus Cristo na gawin, sabi, kunin itong mga pinagputol-putol na bahagi ng Kanyang katawan, at gawin ito hanggang sa bumalik Siya muli. At sa inyo na naniniwala na ito’y Katotohanan, at nagnanais na makibahagi sa munting panahon na ito ng pakikipagbuklod kasama namin, sa palibot ng Salita ng Diyos dito, kami’y nagagalak na kayo ay—ay makakasama namin at—at pagsaluhan ang panahon na ito. Kung hindi, tayo po’y magtatapos na, nang ilang minuto. Gusto po sana namin na manatili kayo kasama ng iba pa, kung maaari, para makita n’yo po kung papaano kami makibahagi sa komunyon. Di lang po ito para sa . . .

163 Ito’y para, rin, sa Makalangit na kagalingan. Alam n’yo po ba ’yun? Nung kainin noon ng Israel ang tipo, ang kordero, ang paskwa, sila’y naglakbay nang apatnapung taon sa ilang, at lumabas dun na walang nanghihina sa kalagitnaan nila. Isipin n’yo po ’yun, wala ni isang nanghihina, nang apatnapung taon. Ang komunyon, isang tanda ng mga mananampalataya.

164 Ngayon, sa Unang Mga Taga-Corinto sa ika-11 kabanata, simula sa ika-23 talata, babasahin ko ito para sa pakinabang ng iglesya. Nagsasalita si Pablo.

> *Sapagka’t tinanggap ko sa Panginoon . . . na . . . ibinigay ko* naman *sa inyo, . . . ang Panginoong Jesus nang gabing . . . siya’y ipinagkanulo ay dumampot ng tinapay:*
>
> *At—at nang siya’y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at sinabi, Kunin ninyo,* at *kanin: Ito’y aking katawan, na pinagputolputol para sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.*
>
> *At gayon din . . . hinawakan ang saro, pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ito ang saro* ng *bagong tipan sa aking dugo: gawin* ninyo *ito,* sa tuwing *kayo’y magsisiinom, sa pagaalaala sa akin.*
>
> *Sapagka’t sa* tuwing *gagawin* ninyo, *kanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang saro,* inyong . . . inihahayag *ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa* dumating *siya.*

165 Hindi po ba't kahanga-hanga 'yan? "Inihahayag ninyo ang Kanyang pagkamatay hanggang sa dumating Siya."

> *Kaya't ang sinomang kumain ng tinapay, o uminom sa saro ng Panginoon, na di nararapat, ay magkakasala sa katawan at sa dugo ng Panginoon.*

166 "Anong ibig sabihin nito, Kapatid na Branham?" Ganito ang ibig sabihin: Kung magpupunta kayo at makikibahagi sa komunyon, at lalabas at iba ang uri ng pamumuhay sa kung ano dapat ang ipamuhay ng isang Cristiano, nagdadala lang kayo ng kasiraan at kahihiyan sa nilayon ng Panginoong Jesus Cristo. Nauunawaan n'yo? Kung isa kang Cristiano, halikayo. Kung hindi, huwag n'yo pong gawin. Masdan.

> *Datapuwa't siyasatin ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain* ng *tinapay, at uminom*. . .sa *saro.*
>
> *Sapagka't*. . .(ika-29 na talata) *Sapagka't ang kumakain at umiinom, ay kumakain at umiinom ng hatol sa kaniyang sarili, kung hindi niya kinikilala ang katawan ng Panginoon.*
>
> *Dahil dito'y marami sa inyo ang* may sakit *at* mahihina,. . .*hindi kakaunti ang nangatutulog.*
>
> *Datapuwa't*. . .dapat *nating kilalanin ang ating sarili, ay hindi tayo hahatulan.*
>
> *Datapuwa't kung tayo'y hinahatulan, ay pinarurusahan tayo ng Panginoon, upang huwag tayong mahatulang kasama ng sanglibutan.*

167 Kapag kakain tayo ng tinapay na ito at iinom sa saro na ito, siyasatin natin ang sarili natin, at sabihin, "Ngayon, ako ba'y lumalakad nang karapat-dapat?" Buweno, ako sa sarili ko ay di ako nakakapaglakad nang karapat-dapat, hindi nga. Pero si Cristo, na nasa loob ko, ay pinagiging karapat-dapat ang aking lakad. Iniibig ko Siya. Pinatototoo ko Siya. Di ako perpekto; di kailanman, sa mundong ito. Di kayo perpekto; di kailanman. Pero dahil nga rito sa pag-ibig ko sa Kanya, at ibinunsod Niya ako na mamuhay para sa Kanya, at gustung-gusto kong gawin ito at ipatotoo Siya. Hindi ako lumalabas at nakikipamatok, at gumagawa ng mga bagay-bagay na masama, na magdadala ng kasiraan sa Kanyang Pangalan.

168 Dahil, kung masumpungan ko na gumagawa ako ng isang bagay, parurusahan ako ng Panginoon. Bakit 'yan ginagawa ng Diyos? "Upang hindi tayo mahatulang kasama ng sanlibutan."

169 Ngayon, malaki ang pagkakaiba ng mananampalataya at di mananampalataya. Diyos ang nagdudulot ng pagkakaiba.

170 Alalahanin, 'yung mga mananampalataya sa Egipto sila'y naroon sa loob, (Sa ilalim ng ano?) sa ilalim ng dugo. Pinatay ang kordero. At ang dugo nito, gamit ang hisopo, ay iwiniwisik sa may pinto. Masdan n'yo kung saan 'yun inilalagay. "Sa itaas

ng pinto," 'yan nga 'yung hamba ng pintuan dito, 'yung bahagi na 'yun ng pinto. "Sa itaas ng pinto, at sa haligi ng pinto." Nakikita n'yo ba kung ano ito? Ang krus, daan-daang taon bago dumating ang Cordero ng Diyos at pinatay. Pero heto nga ang tipo nung Cordero, inilagay 'yun sa ibabaw at sa pinto. At bawat Israelita, na nakaparoon sa ilalim ng dugo na 'yun, ay pinagbabawalan na lumabas pa. Hayan nga, pinagbabawalang lumabas. Sila'y dapat na nasa ilalim ng dugo. Di sila puwedeng lumabas hanggang sa dumating ang utos na lumakad na, ang utos na sumulong na; tipo ni Cristo.

171 "Minsan, na sa pamamagitan ng isang Alay, ay pinasakdal Niya, magpakailanman, ang mga pinabanal kay Cristo Jesus; minsan, at kailanman." Hindi na babalik, o babaling pa *rito*, o gagawin *iyon*. Oh, maaaring bumalik ka sa masamang gawa, makagawa ng mga bagay na mali; magsisi lamang at sumulong. Kita n'yo? Pero minsanang ipinaging banal ni Cristo ang isang kaluluwa ng tao, sa pamamagitan ng pagpupuno sa kanya ng Espiritu Santo, na anupa't pinasakdal na kailanman. Hayan nga, wala nang pagnanasang lumabas. "Dahil ang sumasamba, na nilinis na minsan ay walang *kamalayan*," o, "pagnanasa," ang mas angkop na pagsasalin. "Ang sumasamba, na nilinis na minsan!" Oh, kung maipatimo ko lang 'yan nang mas malalim. "Ang sumasamba," ang mananampalataya, "nilinis na minsan, ay wala nang pagnanasa sa kasalanan, wala na talaga." Tapos na kailanman! "Dahil Kanyang pinasakdal, sa pamamagitan ng Alay, magpakailanman, ang mga nakay Cristo Jesus." Ang sanlibutan ay patay na, wala ka nang pakialam dito. Nakatuon na ang inyong diwa sa mga bagay na nasa Itaas.

172 Ngayon, kung sasabihin mo na isa kang Cristiano, at tuloy pa rin sa pamumuhay na makamundo, ay parurusahan ka ng Panginoon, dahil di ka dapat mahatulan kasama ng sanlibutan. "Dahil dito, kung kayo'y magsasalo-salo . . . "

> *Dahil dito, mga kapatid ko, kung kayo'y mangagsasalosalo sa pagkain, ay mangagantabayan kayo* sa isa't isa. (Masdan.)
>
> *At kung ang sinoman ay magutom, kumain siya sa bahay; upang ang inyong pagsasalosalo ay huwag maging sa paghatol. At ang iba*. . . ay aking *aayusin pagpariyan ko.*

173 Mapapansin n'yo si Pablo rito. Ang mga taga-Corinto na 'yun, di nila 'yun napag-unawa. Nagsipuntahan sila roon, at kumain at nagpakalasing sa dulang ng Panginoon. At kumain sila at uminom, isinagawa nang mali ang lahat ng bagay. Sabi ni Pablo, "Kung kayo'y magsasalo-salo, kung nagugutom ang isang tao, kumain siya sa bahay. Pero kung kayo'y magsasalo-salo, ay mag-antabayanan kayo sa isa't isa." Sa ibang salita, "Mangaghintayan kayo."

Sabihin n'yo, "Ngayon, heto ang isang kapatid na sa tingin ko'y di siya dapat makibahagi sa komunyon." Buweno, huwag kayong basta susugod at hahatakin na lang siya; magpakita kayo ng pagtitiyaga sa kanya. Pagkatapos ng gawain, sa isang mahinahon na paraan, puntahan n'yo siya sa bahay niya isang gabi at maupo roon, sabihin, "Kapatid, ako . . . Ipagpaumanhin mo kung nagkakamali ako. Pero nakita kita sa isang dako rito, nung isang araw, sa kalye, na lasing ka," anuman ang kanyang ginagawa, "na may kasama kang ibang babae na di mo asawa, at makikibahagi ka sa komunyon. Minamahal kita, kapatid. Sige't—sige't ikaw at ako'y ipanalangin natin ang bagay na ito at iwasto ito." Kita n'yo? Mag-antabayanan kayo sa isa't isa. Maging mapaglingkod kayo sa isa't isa. Huwag kayong umasta na mas mataas kayo sa iba. Pagsumikapan n'yong makita kung gaano kayong magiging mababa.

174 Madalas kong marinig ito, ang sabi, "Huwag kang maging mataas sa sarili mong paningin." Kung mataas ka, ito'y dapat na sa paningin ng Diyos. Maging mababa ka sa sarili mong paningin. Bawat tao na ibinababa niya ang sarili, ay itinataas ng Diyos. Pero 'yung mga nagmamataas sa kanilang sarili, ay ibinababa ng Diyos. Kita n'yo? Maging mababa kayo.

175 May isa na magsasabi, "Buweno, siya'y . . . "

"Buweno, alam ko naman 'yan pero ako . . . siya'y kapatid ko. Gusto kong maging lingkod niya, kita n'yo." Kayo'y maging mapaglingkod sa isa't isa. Kayo'y maging maibigin sa isa't isa, na magbubunsod sa, oh, grabe, na kayo—kayo . . .

176 May inaawit-awit tayong munting awitin nung araw. Di ko lang alam kung naaalala n'yo pa ngayon. Inaawit natin:

Pagpalain ang taling nagbubuklod
Sa ating mga puso sa pag-ibig na Cristiano;
Ang ating pakikipagtipan sa iisang kaisipan
Ay tulad ng sa Kaitaas-taasan.

Sa panahong tayo'y naghihiwalayan,
Nagdudulot sa atin ng sakit ng kalooban;
Subalit tayo pa rin sa puso'y magkadugtong,
At umaasang sa muli'y magkakatagpo-tagpo.

177 Noong tumayo ako noon doon sa yungib na libingan ng Saint Angelo, at nakita ko 'yung mga nakalibing dun, sa buong kahabaan nun, na mga isang milya halos, sa ilalim ng lupa, mga libingan, kung saan nila inililibing ang mga patay nila. At doon sa isang sulok ay may mas maliliit na mga libingan doon, na mga bata ang naroon, kung saan nila inilalagay ang mga bata sa isang sulok. At may munting simbahan sa dakong 'yun sa ibaba, kung saan nila ikinukubli.

178 Nakapunta na ako roon sa dako ng lumang katedral na Romano kung saan sinunog nila ang mga taong 'yun noon sa tulos, ipinakain sila sa mga leon. Lumakad nga ako mismo sa

gitna ng lugar na 'yun, at tumayo dun. Tumingin ako sa paligid. Wala pa akong nakikitang ganoon dati. Napakaraming alabok ang nagbagsakan; at naroon nga ang malalaking puwesto kung saan lumalabas noon ang mga leon. Lumakad ako mismo dun sa dako kung saan iniisip ko na dun marahil ang kublihan ng mga leon, kung saan namatay ang mga Cristiano noon. Itinaas ko ang mga kamay ko; tumayo ako roon. Sabi ko, "Oh Jesus, isa nga akong di karapat-dapat na nilalang, na isipin ko na ang mga kapatid ko'y pinagtibay nila ang kanilang patotoo rito, sa bibig ng mga leon, at iba pa, para sa layunin ni Jesus Cristo."

179 Mangyaring napatayo ako roon, at tumingin ako sa likuran ko, at may nagtaas nung lumang magaspang na krus, nakatayo sa dako roon. Nagsimula akong humiging sa puso ko, "Sa isang burol sa malayong dako isang lumang magaspang na krus ang nakatayo, sagisag ng paghihirap at pagpapahiya."

180 Ganoon na lamang ang mga tao sa nagdaang kapanahunan; na ang buong mundo ay natigmak sa dugo ng Panginoon. . . na mga pinatay dahil sa Panginoong Jesus Cristo. Sa loob-loob ko, "Anupa't napaka liit, na hamak na bagay lang tayo." Katulad na lang ng mumunti nating pagmimisyon, marahil pagtitiisan ang kaunting pag-uusig, may magtatawa sa iyo. Ako'y nagiging isang bolang football, na—na sinisipa-sipa lang ng mga tao na makailang ulit. Wala pa nga 'yan kung tutuusin. Sinipa-sipa na nila noon pa man ang mga kalalakihan bago pa ako. May mga tao nga na ginagawa nila 'yan, at babansagan pa itong *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*. Pero may Ebanghelyo ako na dapat kong ipangaral; may Panginoon ako na iniibig ko; may mithiin ako na kailangan kong maabot. At pagsapit ko sa dulo ng daan, gusto ko ngang pumaroon, kasama ang bawat isa sa inyo, na sinasabi ito, "Nakipaglaban ako ng mabuting pakikipaglaban."

181 Isa sa mga gabing ito, walang pasubali, tatayo nga ako sa pulpito, na ang mukha ko'y mamumutla, matitikom ang bibig ko, at ako po'y. . . ninanais ko nga na tumawid sa pulpito nang ganoon, ang pag-uwi sa Kaluwalhatian. Isa sa mga araw na ito, ipangangaral ko na ang huli kong pangangaral. Itatawag ko na ang huli kong pagtawag sa pagdulog sa altar. Ipananalangin ko na ang huling tao na may sakit. Nais kong mamatay na may Biblia sa aking kamay, tinatawag ang Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Ipaglaban ang mabuting pakikipaglaban; tapusin ang takbuhin.

182 Mga minamahal kong mga kapatid na lalaki at kapatid na babae, anuman ang nariyan, kung may anumang bagay diyan sa buhay n'yo, na laban kay Cristo, ating ipahayag ito, dumulog dito ngayon at makibahagi sa hapunan ng Panginoon; na ang mga puso nati'y pinaglalakip-lakip na magkakadugtong bilang isang yunit ng pananampalatayang Cristiano, upang ipaalam sa ating Panginoong Jesus na iniibig natin Siya nang buong puso

natin. Magagawa n'yo po ba 'yun ngayon habang sinasaliwan tayo ng tugtog? (At, Teddy, kung iyo nang . . . )

183 Sa palagay ko palalapitin sila rito nang pailan-ilan. Tama po ba, kapatid? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Oo."—Pat.] Ngayon kung maaari lang na ang mga matatatanda sa iglesya ay lumapit na ngayon para tulungan tayo, at tumayo rito. At saan kayo mag-uumpisa, aling panig, Kapatid na Neville, itong gilid bang *ito*? [Nagbibigay-tugon si Kapatid na Neville.] Sige. Itong mga kapatid dito, may pamamaraan sila rito, kung paano tayo lalapit dito nang di sabay-sabay.

184 At ngayon lumapit na kayo at makibahagi po sa komunyon na ito kasama namin. Magagalak kami na makibahagi kayo sa pagkain ng hapunang ito kasama namin. [Pinangangasiwaan ni Kapatid na Branham ang gawain habang inihahain ang tinapay at alak na pangkomunyon. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

185 Natitiyak ko na masasabi nating lahat, ngayong gabi, na masaya tayo dahil mga Cristiano tayo. Itong gawain na ginawa natin, ay halos dalawang libong taon na ang tanda. Bago noon na lumisan ang ating Panginoong Jesus, ibinilin Niya sa atin na gawin ito, at patuloy na gawin ito hanggang sa magbalik Siya uli. At iniwan Niya sa atin ang katiyakan ng Kanyang Sariling Salita, na di maaaring mabigo, at di kailan mabibigo. Ang sabi Niya, "Ang kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking Dugo ay may Buhay na walang hanggan, at ibabangon Ko siya sa huling Araw," San Juan sa ika-6 na kabanata.

186 Talagang nag-iiwan sa akin 'yan ng tunay na pag-asa, matapos na makita ang mga bulaang relihiyon ng sanlibutan; pagsamba sa araw, at pagsamba sa mga rebulto, at lahat na ng kathang-isip nila patungkol sa sobrenatural na katauhan. Pero, sa kabila n'yan, tingnan n'yo ang Salitang ito, kung papaanong Ito'y di talaga nagkakamali! At Siya na Siyang nagpatunay na Ito ay di nagkakamali, ay pinagkalooban tayo ng Makalangit na pangakong ito na galing sa Kanya, na Kanyang ibabangon tayo sa huling Araw.

187 Ngayon, sa mga baguhan sa ating pintuan, may ilan pang bagay rito na karagdagan sa bagay na ginawa natin. Babasahin ko po, muna, sa inyo, mula rito sa Biblia, sa San Juan sa ika-13 kabanata, sa ika-2 talata, ang simula.

> *At habang humahapon, nang mailagay* na *ng diablo . . .* sa *puso ni Judas Iscariote, na anak ni Simon, ang pagkakanulo sa kaniya;*
>
> *Si Jesus sa pagkatalastas . . . na* ibinigay *na ng Ama ang lahat ng mga bagay* sa *kaniyang* kamay, *. . . na siya'y nanggaling sa Dios, at sa Dios din paroroon;*
>
> *Ay* nagtindig sa *paghapon, . . . itinabi ang kaniyang mga damit; at siya'y kumuha ng isang toalya, at ibinigkis sa kaniyang sarili.*

*Nang magkagayo'y* nagsalin *ng tubig sa kamaw, at* nagsimulang *hugasan ang mga paa ng mga alagad, at kinuskos ng toalya na sa kaniya'y nakabigkis.*

*Sa gayo'y lumapit siya kay Simon Pedro:*. . .Sinabi *niya sa kaniya, Panginoon, huhugasan mo baga ang aking mga paa?*

*Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Ang ginagawa ko* ngayo'y *hindi mo nalalaman. . .; datapuwa't* mauunawa *mo pagkatapos.*

Sinabi *sa kaniya ni Pedro,* Huwag *mong huhugasan ang aking mga paa kailan man. Sinagot siya ni Jesus, Kung hindi kita huhugasan, ay hindi ka* magkakaroon *ng bahagi sa akin.*

Sinabi *sa kaniya ni Simon Pedro, Panginoon, hindi ang aking mga paa lamang, kundi. . .ang aking mga kamay at. . .ulo.*

Sinabi *sa kaniya ni Jesus, Ang napaliguan na, ay walang* kailangang hugasan. . .*malibang* hindi *ang kaniyang mga paa, sapagka't malinis nang lubos:. . . kayo'y malilinis na, nguni't hindi ang lahat.*

*Sapagka't nalalaman niya ang sa kaniya'y magkakanulo;* kaya't sinabi niya, *Hindi kayong lahat ay malilinis.*

*Kaya't nang mahugasan niya ang kanilang mga paa, at makuha ang kaniyang mga damit at. . .muling maupo, ay sinabi niya sa kanila, Nalalaman baga* ninyo *kung ano ang ginawa ko* sa inyo?

*Tinatawag* ninyo *akong Guro at Panginoon: at mabuti ang* inyong *sinasabi; sapagka't ako nga.*

*Kung ako nga, na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa;* kayo. . .*ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa't isa.*

*Sapagka't kayo'y binigyan ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa ko* sa *inyo.*

. . .*kayo ay mapapalad kung* nalalaman *ninyo* ang mga bagay na ito at *inyong mga gawin.*

188 Isa pong ordinansa ito sa tabernakulo, magmula pa sa—sa panahon ng higit dalawampung taon na noong ito'y matayo, na lagi naming ginagawa ang paghuhugasan ng paa. Isinasagawa na ito noon ng mga Baptist bago pa ang Pentecostal; isinagawa ito ng mga Pentecostal noong mga paunang araw nito; tapos ipinagpatuloy nila. Kaya tayo po, sa gabing ito, kung paanong sa tuwina'y ginagawa natin ang ordinansang ito.

189 May silid tayo, rito, na tinatawag na silid dalanginan. Ang mga kababaihan ay papasok doon, para isagawa ang dakilang ordinansang ito na iniwan sa atin ng Diyos.

190 At ang mga kalalakihan naman ay papasok dito sa silid na ito, ng dalanginan . . . o sa tanggapang ito *rito*, sa tanggapan ng mga diyakono. At isasagawa natin ang paghuhugasan ng paa.

191 At sa inyo po, na mga baguhang estranghero, na nakasama namin sa gabing ito, o di po pala estranghero, kundi kapwa mamamayan sa Kaharian, kung di pa kayo nakakasagawa ng ganito, sa mga kalalakihan o kababaihan man, malugod namin na hinihiling sa inyo na pumarito at makibahagi sa pakikisama na ito kasama namin. At kung di pa po kayo nakakasagawa ng ganito dati, ikinagagalak namin na makasama kayo ngayong gabi rito, sa inyong unang beses, kasama namin. Pero, kung sa palagay n'yo ay ayaw n'yo munang makibahagi, may bagay na nagbubunsod sa inyo na umuwi agad nang maaga, o kung ano, gusto po naming iparating na kami'y natutuwa na nakaparito kayo na nakasama namin sa gabing ito.

192 Humihingi po ako ng paumanhin sa pagkakahimay ko ng pangangaral ko, at mga ganitong bagay, sa pamamaraan na aking ginawa, di po kasi ako mahusay na mangangaral, kung tutuusin, at hayan din na parang di ko inaasahan, kaya medyo naging mahirap para sa akin. Mamaya, siguro, tutulungan ako ng Panginoon sa mga bagay na ito.

193 At marahil sa pagbalik ko sa kanluran . . . Umaasa ako na pagkakalooban ako ng Panginoon ng mainam na pahinga roon, para makabalik ako, at marahil sa pamamagitan ni Kapatid na Neville at ako ay makapagdaraos ng mainam na makalumang rebaybal dito nang mga ilang gabi rin, ng pagtuturo sa Salita.

194 May isa po, na nakipagtagpo sa akin kanina, na nagnanais na mabautismuhan sa ilog. Ikinagagalak ko na bautismuhan ang sinuman, saanman. Mainam po 'yan. Ngayon, tayo'y . . .

195 Kayo po'y laging malugod na tinatanggap dito sa Branham Tabernacle. Di po kami isang denominasyon. Di rin po kami laban sa anumang denominasyon, mangyari pong di lang kami denominasyon. Kaya, kayo po'y malugod na tinatanggap sa tuwina. Wala kaming pagmimiyembro rito. Ang mayroon lang kami'y pakikipagbuklod sa isa't isa, yamang, "Ang Dugo ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, ay lumilinis sa—sa lahat ng di pagkamatuwid."

196 At hanggang sa muling pagkikita natin, ang kapayapaan at biyaya ng Diyos ay nawa'y mapasa bawat isa sa inyo. Dalangin ko na iwawaglit ng Diyos ang sakit sa gitna n'yo, at bibigyan kayo ng mainam, na ligtas na pagbibiyahe pauwi sa inyo sa gabing ito, at ng mabuting kalusugan at kalakasan, umaasa na makakatagpo ko po muli kayo rito ng Miyerkules ng gabi.

197 Hanggang sa muli po, sumainyo nawa ang Kanyang biyaya, habang tayo'y tatayo na kung mamarapatin n'yo. (Pastor, sige po. . .) Ang pastor po rito, na si Kapatid na Neville, ang siyang magtatapos ng gawain sa isang pagdulog na panalangin.

*TAON NG JUBILEO* TAG54-1003E
(Jubilee Year)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Oktubre 3, 1954 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org